PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #82 Ang batong panulukan ay si Kristo Jesus...kayo'y naging bahagi ng tahanan ng Diyos..." - Efeso 2:20,22

Nakaharap Tayo sa Sangandaan ng Ating Tadhana

ni Robert Boyd Munger

"Pagkatawid nila, sinabi ni Elias, 'Sabihin mo sa akin kung ano ang ibig mong gawin ko para sa iyo bago ako kunin.' Sumagot si Eliseo, 'Ipinakikiusap kong ipamana ninyo sa akin ang dobleng porsyon (bahagi) ng inyong kapangyarihan.'" (2 Hari 2:9-10).

Ang Balabal ng Diyos

Napakahirap ang kahilingan. Katunayan, ang hinihingi ni Eliseo ay imposible para sa isang tao, isang di pangkaraniwang bagay. Ngunit wala ito sa kamalayan ni Eliseo habang ibinubulalas ang kanyang kahilingan na bunga ng isang desperasyon at masidhing pangangailangan.

Naroon ang isang bansang lubog sa idolatriya at imoralidad, lugmok sa kalaswaan, bumulusok mula sa mataas na pamana ng kanilang mga magulang tungo sa kalikuan. Walang argumento ng tao, anumang lohika, ang makapagpapabago ng kanilang isipang pinalalabo ng kasalanan. Walang dila ng tao, gaano man katalas, ang *makakakumbinsi sa kanilang matigas na* kalooban. Walang anumang kapangyarihan ng tao, lakas ng organisasyon o programa ng pagpapaliwanag ang makakadurog sa mga puso nilang bato.

Alam ng nakababatang propeta na sa gitna ng napakalalim na kasalanan at pagkapit ng kaliluan sa bansa, na ang sarili niyang pagsisikap na ilapit sila sa Diyos at kabanalan ay katulad ng tinig ng isang bata sa gitna ng humahagunot na bagyo—ng pagsuntok ng isang bata sa kutang bato. Tunay na napakahirap ng kanyang hinihingi.

Panalanging Bunga ng Masidhing Desperasyon

Panahon ngayon na ang mga lingkod ng Diyos ay dapat humiling ng mahihirap na bagay, walang iba kundi ang dobleng porsyon ng Banal na Espiritu. Kung si Eliseo sa kanyang henerasyon ay humingi ng balabal na makalangit na kalakasan ng loob at kapangyarihan, gaano pa kaya ang pangangailangan natin ngayon!

Sa madilim at teribleng panahon ng huling pagkakataon para sa sangkatauhan, ngayong tayo ay nakatayo sa sangandaan ng ating tadhana at nahaharap sa isang magulo, halos makahayop na daigdig na nasa bingit ng sariling kasiraan, kinakailangang ang ating mga armas at kasangkapan ay sapat sa mga pangangailangan. Isang masidhing pagmamadali ang dapat na nagtutulak sa atin. Hindi tayo dapat umasa na may mga susunod pa namang siglo o may buong buhay pa tayo kung saan matatapos natin ang ating misyon. Hindi tayo dapat umasa sa mga katanggap-tanggap na pamamaraan at plano para sa ebanghelisasyon ng mundo o pakikipaglaban sa mga puwersa ng kalikuan. Kailangan nating harapin ang isyu ngayon, tinatapatan ang panahong nukleyar ngayon ng nukleyar na enerhiya ng Diyos.

May Hangganan at Kahinaan

Ang Iglesya katulad ng ating pagkakaalam, lumalangitngit na katulad ng isang karitong hila ng toro sa gitna ng isang modernong ekspreswey, ay kinakailangang mapaayos, mapanibago, at mapalakas, at ikaw at ako na bahagi niya at nagsasalita para sa kanya, ay kinakailangang punitin ang ating lumang kasuotan ng pagiging tao, makalamang lakas at hanapin at tanggapin gaya ni Eliseo ang balabal ng Diyos, ang Espiritu at kapangyarihan ng ating buhay na Diyos.

Ang mangaral at magturo ng salita ng katotohanan ay hindi sapat at hindi naging sapat. Ang maipagtanggol ang pananampalataya ay hindi sapat at hindi naging sapat kailanman. Ang magpagal at magpagod, maglingkod at magsakripisyo ay hindi sapat, at hindi naging sapat kahit kailan. Ang ialay ang sarili bilang isang buhay na handog sa Diyos, ang magdusa para sa pangalan ni Kristo, ang humayo sa dulo ng daigdig ay hindi sapat, at hindi naging sapat. Ang katotohanan sa ating mga labi at debosyon sa ating mga puso ay kinakailangang mapanibago at mabuhusan ng buhay na kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang Ating Asal at Mga Kilos

Sa aking palagay tayong mga nabibilang sa ortodoks, mga Kristiyanong naniniwala sa Bibliya, ay kadalasang nakagagawa ng maling akala. Ipinapakita ng ating asal at kilos ang ating pag-aakala na ang matapat na pagpapahayag ng ebanghelyo, kasama ng pagtalaga ng ating buhay kay Kristo, ay sapat upang maakay ang tumatangging puso, at magbigay-parangal sa Tagapagligtas sa harapan ng mga tao. Saan ba natin nakuha ang kaisipan na ang ating maliit na utak, ang ating mga munting pagsisikap, ang may kahinaang debosyon ay sapat upang ipahayag ang walang hanggang Ebanghelyo?

Nagsaad ng ganitong pagsusumamo si Charles Haddon Spurgeon: "Ang pangangaral na pumapatay ay maaari at kadalasan ay naaayon sa doktrinang Kristiyano. Sa sistemang Kristiyanismo, ang kakayahan o kapangyarihan ay pagpapahid ng langis ng Espiritu Santo na naghihiwalay sa isang tao para sa gawaing maka-Diyos at paghahanda sa kanya para dito. Itong kakaibang kakayahan ang nag-iisang paraan kung saan nakagagawa ang isang mangangaral ng mga di karaniwang bagay at naipaaabot ang nagliligtas na layon ng pangangaral. Kung wala ang kakayahang ito wala ring tunay na bungang espirituwal na makakamit. Ang bunga at mga puwersa sa pangangaral ay hindi nagmumula sa maruming pananalita. Kung walang kakayahan ang unang nabanggit ay kasing lakas ng pulpito...kung wala nito wala ring kapangyarihan na ipalaganap ang ebanghelyo gaya ng iba pang sistema ng katotohanan. Ito ang tatak ng pagiging makalangit nito. Ang kapangyarihan ng Espiritu sa isang mangangaral ang nagpapaloob sa Diyos sa Ebanghelyo.

Magkaroon tayo ng lakas ng loob na harapin ang mga katotohanan. Maliit lamang tayo kung ihahambing sa mga propeta, apostol at mga nauna sa atin sa pananampalataya. Kakaunti ang alam natin patungkol sa kapangyarihan ng Diyos. Ang ating kasalanan ay ang pag-aakala...umaasa tayo sa sarili nating lakas upang gampanan ang supernatural na gawain.

Ang pagsisikap na ituro ang Salita ng Diyos at ibahagi ang buhay ng Tagapagligtas sa ibang tao ay imposibleng gawin kung walang Espiritu Santo. Mga kapatid kong Kristiyano na napanghihinaan ng loob, mga nagnanais na makapagbahagi ng Ebanghelyo sa iba ngunit walang bunga, ang mapagtagumpayan ang sarili at kasalanan, ang lumakad na matagumpay—kailangan mo ng himala—walang iba kundi ang balabal ng Diyos na siyang magdadamit sa iyo at magkakaloob ng kapangyarihan.

Sinugo at Inihanda

Itinakda ng Salita ng Diyos ang kahalagahan at pagiging pangunahin ng Espiritu Santo sa paglilingkod. Bawat linya ay nagpapatotoo na "hindi sa pamamagitan ng lakas, o ng kapangyarihan kundi sa aking Espiritu, ang sabi ng Panginoon" (Zacarias 4:6). Ang mga malalakas na tao ng Diyos sa Lumang Tipan, mga patriarka, mga tagapagpalaya, tagapagligtas, ay pawang mga sinugo at inihanda para sa kanilang pambayaning pangunguna sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.

Kailangan munang makatagpo ni Moses ang Kanyang Tagapaglikha sa nagliliyab na kahoy at mapasakamay niya ang tungkod ni Jehovah. Noong panahon na upang umakyat siya sa tuktok ng bundok Nebo, inilagay niya ang banal niyang kamay sa kanyang matapat na alagad na si Josue. Puspos ng Espiritu, nagsimula si Josue sa kanyang matagumpay na martsa.

Ang Aklat ng mga Hukom ay puno ng mga kuwento ng mga ordinaryong lalaki na naging mga di-pangkaraniwang mandirigma sa pamamagitan ng balabal ng Diyos. Lumukob ang Espiritu kina Othniel, Gideon at Jepthah, at nadadamitan ng Espiritu, nagapi nila ang mga kaaway ng Israel.

Nilukuban ng Espiritu si Samson at siya ay naging kasinlakas at kasintapang ng isang leon (Hukom 15:14). Sa kanyang mga kamay nagapi niya ang mga Filisteo. Ngunit nang umalis ang Espiritu sa kanya, siya ay naging mahina at nawalan ng lakas. Sumakay-Saul ang Espiritu, ang anak ni Kish, at siya ay "naging isang bagong nilalang" (1 Samuel 10:6). Ngunit ng umalis ang Espiritu kay Saul naging isang simpleng tao na lamang siya. Pinahiran ng langis upang maging hari si David sa pamamagitan ni Samuel at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na sumakanya "magmula nang araw na iyon" (1 Samuel 16:13). Dinamitan silang lahat ng balabal ng Diyos!

Ang mga propeta ng Israel na ginamit upang manawagan sa bansa na umalis sa kasalanan at pagsamba sa diyus-diyosan upang maglingkod sa buhay na Diyos ay mga taong nilukuban ng Espiritu. Nakita ni Isaias ang Panginoon, "nakaupo sa luklukan, mataas at tinitingala, at nakalatag sa buong templo ang laylayan ng Kanyang kapa." (Isaias 6:1). Pinaapoy ng baga mula sa altar ang kanyang mga labi. Hinipo ng kamay ng buhay na Diyos ang bibig ni Jeremias. Patotoo ni Mikas, "Sa katotohanan ako ay puspos ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon, at ng paghuhukom, at ng kalakasan, upang ipahayag ang kaliluan ni Jacob, at kasalanan ng Israel. Lahat ng mga taong ito ay nagsuot ng balabal ng Diyos.

Ang Ebanghelyo ni Kristo na Ipinahayag sa Kapangyarihan at Demonstrasyon ng Espiritu

At kung ang mga sinaunang lalaki ay nangailangan ng kakayahan at *kapangyarihan ng Panginoon upang* maipahayag ng may katapangan at kapangyarihan ang salita ng batas at paghuhukom, tayo pa kaya na dapat umasa sa Banal na Espiritu upang ipahayag ng may katapangan at kahusayan ang walang hanggang Mabuting Balita ng biyaya ng Diyos?

Pangunahin sa buhay ni Kristo ang Banal na Espiritu. Nakamamanghang mabasa sa Aklat ng Ebanghelyo na ang Panginoong Jesus na nagkatawang-tao, Panginoon ng kaluwalhatian, walang kasalanan at puspos ng kapangyarihan, ay nanahimik at napag-isa hanggang sa bumaba sa Kanya ang Espiritu ng Diyos sa Ilog Jordan. Puspos ng Espiritu, dinala Siya sa ilang upang doon magwagi laban sa Kanyang kaaway. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu, nagbalik Siya upang simulan ang Kanyang pampublikong gawain.

Ganito ang Kanyang pambungad na pananalita sa Kanyang unang pangangaral sa Nazareth: "Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita. Sinugo Niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila'y lalaya, at sa mga bulag na sila'y makakikita; upang bigyang-kaluwagan ang mga sinisiil, at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon." (Lucas 4:18). Ito mula sa labi na walang kasalanan at pusong dalisay! Ah, ang pag-aakala natin na maaaring ipahayag ang parehong Mabuting Balita mula sa makasalanang bibig at maruming puso nang walang pagpapahid ng Banal na Espiritu!

Ipinapakita ng kasaysayan ng Iglesia ang makadiyos na potensiyal. Ang balabal ng Diyos na ito ang bumaba at lumukob sa mga alagad na siyang nagpabago sa kanila mula sa pagiging mahina, takot na mga

(sundan sa pahina 3)

Panalangin Patungkol sa Tahanan ng Diyos

ni Dave Butts

"Mahal ko ang iyong templo, O Makapangyarihang Diyos! Nasasabik ang lingkod mong sa patyo mo ay pumasok. Ang buo kong pagkatao'y umaawit na may lugod. Sa masayang pag-awit ko pinupuri'y buhay na Diyos. Panginoon, sa templo mo, mga maya'y nagpupugad. Maging ibong layang-layang sa templo mo'y nagagalak, May inakay na kalinga sa tabi ng iyong altar; O Yahweh, hari namin at Diyos na walang kupas. Mapalad na masasabi, silang doo'y tumatahan, At palaging umaawit, nagpupuring walang hanggan. Ang sa Iyo umaasa'y masasabing mapalad din, Silang mga naghahangad na sa Sio'y makarating. Habang sila'y naglalakbay sa tigang na kapatagan, Tuyong lupa'y binabaha sa maagap na pag-ulan. Habang sila'y lumalakad, lalo silang lumalakas, Batid nilang nasa Sion ang Diyos nilang hinahanap. Dinggin mo ang dalangin ko, O Makapangyarihang Diyos, O ikaw na Diyos ni Jacob, dinggin mo ang iyong lingkod. Basbasan mo, Panginoon, yaong hari naming mahal, Pagpalain mo po siya yamang ikaw ang humirang. Kahit isang araw lamang, gusto ko pang sa templo mo, Kaysa isang libong araw na iba ang tahanan ko. Gusto ko pang maging bantay sa pinto ng iyong templo, Kaysa ako'y mapasama sa masamang mga tao. Ikaw ang haring dakila, ang tunay naming sanggalang, Kami'y pinagpapala mo sa pag-ibig mo at dangal. Hindi siya nagkakait ng mabuting mga bagay sa sinumang ang gawain ay matuwid at marangal. Mapalad na masasabi ang sa iyo'y magtiwala, Hindi sila mabibigo, yamang ikaw ay dakila.'" (Awit 84).

Ang Awit 84 ay panalangin ng paglalakbay para sa mga nagtutungo sa Jerusalem upang sumamba sa Templo. Ito ay magandang modelo para sa atin na nasa paglalakbay din sa mundong ito. Inilalarawan tayo ni Apostol Pedro na mga "*estranghero sa sanlibutan*" (1 Pedro 1:1). Dumadaan tayo sa buhay na ito na, ayon kay Jesus ay, kinikilalang tayo ay nasa sanlibutan ngunit hindi para sa sanlibutan.

Isa sa mga malaking pagkakaiba ng mga manlalakbay ng mga banal ng Lumang Tipan at ng mga banal ng Bagong Tipan ay yaong hindi na tayo pisikal na naglalakbay tungo sa isang gusali upang katagpuin ang Diyos. Bagamat tayo ay patuloy na "*lumalapit*" sa Diyos, ang nakakamangha sa ating paglalakbay ay naglalakbay tayong "*kasama*" ang Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ang Diyos mismo ay nananahan sa atin at ginagabayan tayo sa ating buhay.

Hindi ito nangangahulugan na hindi na natin kailangan pang hanapin ang Diyos. Karamihan sa mga mananampalataya, kung hindi man lahat, ay nagpupumilit na lumakad na may kamalayan sa presensiya ng Panginoon sa ating buhay. Dapat nating patuloy na ituon ang ating mga mata kay Jesus, at hinahanap ang Kanyang kaharian at katuwiran. Ang matutunang ipanalangin ang Awit 84 taglay ang kaisipang pambagong tipan ay malaking tulong sa ating paglalakbay. Narito ang isang paraan ng pananalangin ng makapangyarihang Awit 84:

Panginoon, hindi ko lubos na maunawaan ang kagandahan ng Inyong kinaroroonan. Walang karanasan dito sa lupa ang pwedeng makapaghanda sa akin upang maranasan ang Iyong maluwalhating tahanan. Ngunit ito ang aking alam: Ninanais kong makita ang Iyong tahanan. Nanghihina ako sa aking pagnanasa na maranasan ang Iyong presensiya. Ang lahat-lahat sa akin ay humihibik para Iyo, O aking Diyos.

Lubos ang aking pasasalamat na hindi ko na kailangan pang hintayin ang kamatayan upang makapanahan ako sa Iyong tahanan. Pumarito na Kayo upang manahan sa Iyong tahanan. Pumarito Ka upang manahan sa akin sa pamamagitan ng Iyong Espiritu, at tunay na kamangha-mangha—ngayon ay pwede kong piliin ang mamuhay sa presensiya Mo. Napakapalad ng mga nananahan sa Iyong tahanan. Aapaw sa papuri ang aming mga buhay habang patuloy naming minamasdan ang Iyong kagandahan.

Aking Ama, kahit pinapayagan Mo po akong manahan sa Iyong tahanan ngayon, gayon man ako ay nananahan sa isang mundong puno ng panganib, hirap, at kasalanan. Kailangan ko ang Iyong kalakasan upang mabuhay sa mundong ito na ang aking mga mata ay nakatuon lamang sa Iyo. Aking Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili sa paglalakbay patungo sa Iyo, araw-araw na nararanasan ng higit ang Iyong biyaya at awa, at matatagpuan ang sarili kong binago sa pamamagitan ng Iyong makapangyarihang Banal na Espiritu.

Habang naglalakbay ako sa mga tuyot na lupain ng sanlibutang ito, mga lugar ng pagluha at pagdurusa, nawa ang Iyong Espiritu na nananahan sa akin ay maging gaya ng isang malakas na batis ng buhay na dumadaloy mula sa akin at magpapabago sa mundo upang maging mas maayos na lugar. Nawa ang mga nasa paghihirap ay maranasan ang Iyong kagalakan, kapayapaan, at kalakasan dahil inakay Mo po ako sa kanilang mga buhay. Hindi dahil sa anumang nasa akin, Panginoon, kundi dahil sa Iyong kapangyarihang kumikilos sa akin.

Patatagin Mo po ang aking mga paa sa tamang landas, Panginoon. Habang naglalakbay ako sa buhay na ito, tulungan Mo po akong lumago taglay ang kalakasan at pagiging malapit sa Iyo. Nawa ang katapusan ay maging mas mainam kaysa sa simula. Nais kong humarap sa Iyo sa Sion, aking Diyos, dahil sa biyaya ni Jesu-Kristo.

Dinggin Mo po ang panalangin ko, O Panginoong Diyos na makapangyarihan. Seryoso po ako dito sa aking hiling. Ito po ang nasain ng aking puso. Sa pagdinig Mo po sa aking panalangin, pakinggan po Ninyo ito na para bang nagmumula sa puso ng minamahal Ninyong anak, na aking Panginoon, aking Tagapagligtas, aking Kalasag—ang Panginoong Jesus.

Gustong-gusto kong manahang kasama Ninyo sa Inyong tahanan, na magiging kuntento na ako kahit maging tagabukas ng pinto para sa ibang papasok. Maging ang ganitong pagiging malapit sa Inyo ay kagalakan na para sa akin. Mas gugustuhin kong tumayo sa pintuan bilang isang alipin kaysa manirahan sa magagarang mansyon nang wala Kayo.

Nagpapasalamat ako na ang Inyong tahanan ay bukas para sa akin kahit ngayon pa lang. Sa gitna ng kadiliman ng sanlibutan, nagbibigay kayo ng liwanag at proteksyon. Nagniningning po Kayo tulad ng araw, binabago ang buhay ko, at hinahayaan akong lumakad sa lilim ng Inyong liwanag, init, at kapangyarihang nagbibigay-buhay. Panginoon, ginagawa po Ninyo ito sa lahat na katulad kong pinawalang-sala sa pamamagitan ni Jesus-Kristo. Salamat po sa kamangha-manghang pagpapala ng Inyong presensiya at kapangyarihan.

Nais kong malaman ninyo, Panginoon, ang aking pag-asa ay sa Inyo lamang at hindi sa kaninuman. Ang aking pagtitiwala ay nasa Inyo—hindi lamang pagdating sa kalangitan sa darating na araw, ngunit maging sa pang-araw-araw na buhay sa ngayon. Salamat po sa kaloob na pananampalataya na nagbubukas ng mga pagpapala ng Inyong tahanan para sa akin sa araw na ito. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking panalangin. Amen.

Mensahe Mula sa Tagapaglathala

Para sa Iyo ang Kapangyarihan ng Diyos

ni Rich Carmichael

"at ang Kanyang walang kapantay na kapangyarihan para sa ating mga nananalig..." (Eph. 1:19).

Kung ikaw ay isang mananampalataya ng Panginoong Jesu-Cristo, ang kapangyarihan ng Diyos ay nakalaan para sa iyo. Pakaisipin mo ito sandali. Ang Diyos ay pinakamakapangyarihan—walang limitasyon ang Kanyang kapangyarihan! Ibig sabihin nito ay hindi tayo mauubusan ng kapangyarihang kakailanganin natin sa ating buhay o sa ministeryo. Gaya ng sinabi ni Apostol Pedro, *"Tinanggap natin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay na magtuturo sa atin upang mamuhay nang tapat sa Diyos."* (2 Pedro 1:3).

May natatangi ka bang pangangailangan o alalahanin sa ngayon na nangangailangan ng kapangyarihan ng Diyos? kung mayroon, hinihikayat kitang pag-aralan natin ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos at ilan sa mga paraan kung paano gumagawa ang Kanyang kapangyarihan para sa atin.

Ang Panginoon ay Makapangyarihan

Likas ang kapangyarihan sa Panginoon. Siya ay *malakas at makapangyarihan* (Awit 24:8) at ang Kanyang kanang kamay ay "*kamangha-mangha sa kapangyarihan*" (Exo. 15:6). Siya ay "*batbat ng kalakasan*" (Awit 93:1) at "*...naliligid siyang lagi ng dangal at kabanalan*" (Awit 96:6). Siya ang naghaharing Diyos na taglay ang kapangyarihan (Isa. 40:10) at "*Siya'y maghahari magpakailanman sa pamamagitan ng kapangyarihan...*" (Awit 66:7). Ang Kanyang kapangyarihan ay napakadakila kung kayat ang Kanyang mga kaaway ay nanginginig sa Kanyang harapan. (Awit 66:3).

Ang kapangyarihan ng Diyos ay nahahayag din nang malinaw sa pamamagitan ng buhay at ministeryo ng Kanyang Anak. Pagkatapos ng bautismo ni Jesus at panahon ng pagtukso sa ilang, "*Bumalik si Jesus sa Galilea, at sumasakanya ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.*" (Lucas 4;14). Sa pamamagitan ng kapangyarihang ito at pagpapahid ng langis ay ipinangaral Niya ang mabuting balita sa mga dukha, ipinahayag ang kalayaan sa mga bilanggo at pagkakita sa mga bulag, kinalagan ang mga naaapi at ipinahayag ang pagliligtas ng Panginoon. (Lucas 4:18-19). Ginamit din Niya ang Kanyang awtoridad at kapangyarihan upang palayasin ang mga masasamang espiritu (Lucas 4:36) at pagalingin ang lahat ng mga nasa ilalim ng kapangyarihan ng diyablo (Gawa 10:30). "*Sinikap ng lahat na mahipo siya sapagkat ang kapangyarihan Niya ay dumadaloy palabas at pinapagaling ang lahat.*" (Lucas 6:19). May isang okasyon, huminto si Jesus upang itanong kung sino ang humipo sa Kanya dahil naramdaman Niya "*...ang pagdaloy ng kapangyarihang palabas sa kanya.*" (Marcos 5:30).

Si Daniel, sa isang propesiya patungkol kay Kristo ay nagpahayag na, "*...isang tila anak ng tao...binigyan ng pamamahala, kaluwalhatian, at walang hanggang kapangyarihan; lahat ng sangkatauhan, bansa, at mga tao na may iba't ibang wika ay sumamba sa Kanya. Ang pamamahala niya ay di matatapos, at hindi mawawasak ang kanyang kaharian.*" (Daniel 7:13-14). Tunay ngang inilagay ng Ama ang lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan ni Jesus (Juan 13:3), at sa pamamagitan ng pagkilos ng Kanyang kalakasan ay binuhay si Kristo mula sa mga patay. (Efeso 1:20-21). Si Kristo ang "*pinuno ng bawat kapangyarihan at kapamahalaan*" (Col. 2:10) at Siyang "*kapangyarihan ng Diyos*" (1 Cor. 1:24).

Kaya nga, kung tayo man ay nakapokus sa Ama, Anak o Espiritu Santo, walang pasubali na ang Diyos ay makapangyarihan! Inilarawan ni Apostol Pablo ang kapangyarihang ito na "*hindi maikukumparang kapangyarihan*" o, sa ibang salin, "*ang labis-labis na kadakilaan ng Kanyang kapangyarihan*" (Efe. 1:19). Ang kapangyarihan ng Diyos ay "*di-malirip*" (2 Cor. 4:7) at mas higit kaysa kapangyarihan ng tao; imposible nating maunawaang lubos ang lawak nito. Maaari nating pasimulang maintindihan ang higit pang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtingin sa ilang halimbawa. Habang isinasaisip mo ito, huwag kalimutan na kung ikaw ay isang mananampalataya, ang kapangyarihan ng Diyos ay para sa iyo!

Ang Kapangyarihan ng Diyos sa Paglikha

Isang dakilang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos ang Kanyang gawa ng paglikha. Sinulat ni Apostol Pablo na, "*Mula pa nang likhain ng Diyos ang sanlibutan, ang Kanyang kalikasang di nakikita—ang kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos— ay maliwanag na inihahayag ng mga bagay na ginawa niya.*" (Roma 1:20). Nilikha niya ang lupa at hinubog ang mga bundok sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan (Jer. 10:12; Awit 65:6). Ipinaalala sa atin ni Propeta Isaias na nilikha ng Diyos ang kalangitan at ang mga bituin, at pinapanatili Niya ang mga ito sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan.

(sundan sa pahina 3)

...Sangandaan ng Ating Tadhana

(mula sa pahina 1)

tagasunod patungo sa pagiging alagad na pinadala mula sa buhay na presensiya ni Kristo upang baligtarin ang daigdig. Sumakanila ang Banal na Espiritu sa isang bago at mas makapangyarihang paraan, pinag-iisa sila sa buhay na Tagapagligtas at pinamamahayan at pinupuspos silang lahat ng Kanyang pagkabuhay na muli.

Kadakilaan at Kaluwalhatian ng Gawain

May malaking guhit ni Kristo ang pintor na si Eugene Bernard ay ito ay pinamagatang "Humayo at Mangaral." May nakalahad na palad at nakaturo sa napakalawak na anihin ng sanlibutan ang ating Panginoon. Pinipilit maaninag ng minamahal na alagad, isang kabataan, balingkinitan at mahina na nakatabi sa Panginoon na makita ang layuning nasa malayo.

Halos maririnig ang mga katagang, "Iangat mo ang iyong mga mata, tingnan ang mga bukid; sapagkat hinog na upang anihin" (Juan 4:35). "Humayo kayo sa buong sanlibuan at ipangaral ninyo sa lahat ang Mabuting Balita." (Marcos 16:15). Ngunit habang iniaangat ng Panginoon ang pananaw ng Kanyang mga alagad upang makita ang kadakilaan at kaluwalhatian ng gawain, ang kamay Niya ay nakaakbay kay Juan at ang kanyang balabal na nasa Kanyang balikat ay umaabot kay Juan at bumabalot sa kanya.

Nakita ng pintor na iyon ang napakadakilang katotohanan. Kung si Juan lang, hindi ito handa o walang kakayahang makita o maisakatuparan ang itinalaga ng Panginoon. Ngunit sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay na nakaakbay sa kanya at ng balabal ng Tagapaglitas na nakadamit sa kanya, may kakayahan siyang maging kinatawan ng Hari. Kaya't ang anak ng kulog ay naging anak ng pag-ibig, isang matapat at tunay na patotoo hanggang wakas.

Masasabi sa atin ni Apostol Pedro sa pamamagitan ng mga malalakas at madamdaming mga salita ang naging pagbabago sa kanyang sariling buhay sa pamamagitan ng paglukob ng Espiritu ng Pentecoste. Napakalaki ng kaibahan ni Pedro bago ng Pentecoste at ni Pedro pagkatapos ng Pentecoste. Dahil doon, si Simon ay naging si Cephas—isang batong matibay, malakas, at makapangyarihan.

Ang Paglukob ng Espiritu

Walang duda ang pananampalataya ni Pedro. Maaga niyang ipinahayag kay Jesus, "Kayo po ang Kristo, ang anak ng Diyos na buhay." (Mateo 16:16). Maging ang sukat ng kanyang debosyon ay walang duda. Iniwan niya ang lahat upang sumunod sa Panginoon. Handa siyang sumama sa Kanya sa bilangguan at hanggang sa kamatayan. Handa din siya maging ang mamatay sa halamanan para sa Kanyang Panginoon. Sa desisyon at layunin, ang pag-ibig at katapatan ni Pedro ay buong-buo.

Ngunit nagkulang si Pedro sa panloob na kagamitan, ang espirituwal na kalakasan upang mapanatili ang kanyang masigasig na pasya sa lahat ng sitwasyon. May mga lamat sa kanyang pananggalang. May mga sandaling pinanawan siya ng katapangan at iniwan siyang nanghihina at nakakadiri. Ngunit ilang beses bang ikaw at ako, gayong gumawa ng matapang na pahayag ng katapatan kay Kristo, ay nasumpungan na lamang ang ating sarili na kasama ni Pedro na nakapaikot sa apoy at hindi lang tahimik sa harapan ng mga lumalait sa ating pananampalataya, kundi itinatatwa pa Siya sa pamamagitan ng pakikiayon sa daigdig na walang Diyos.

Naipangaral ang Ebanghelyo Kasama ng Banal na Espiritu na Ipinadala Mula sa Langit

Ngunit masdan si Pedro na nakasuot ng balabal ng Diyos, tumatayo sa harapan ng mga pumatay sa Anak ng kaluwalhatian at walang takot na hinarap sila sa kanilang kasalanan, at ipinangaral si Jesus bilang Mesiyas at Panginoon. Masdan ang kapangyarihan, ang tapang, tumatagos, at nangungumbinsing kapangyarihan, na dumadaloy mula sa kanya upang pamanghain ang kanyang mga tagapakinig ng katotohanan hanggang ang pinakamatigas na puso ay humiyaw ng, "Mga tao at mga kapatid, ano ang gagawin namin?" (Gawa 2:37).

May banal na apoy na nahuhulog mula sa langit noong araw na iyon, at nagpatuloy si Pedro sa pagniningas sa apoy ng Diyos hanggang sa kanyang kamatayan sa krus na siyang naging daan tungo sa kaluwalhatian. Simple lang ang kanyang patotoo. Ipinangaral namin "ang Mabuting Balita ng Diyos kasama ng Banal na Espiritu na sinugo mula sa langit" (1 Pedro 1:12).

Kung idadagdag ni Apostol Pablo ang kanyang salita, magiging parehong-pareho lang din, "Mga kapatid, ng ako'y pumariyan, ipinahayag ko sa inyo ang lihim na panukala ng Diyos, ngunit hindi sa pamamagitan ng malalalim na pananalita o matataas na karunungan. Ipinasiya kong wala akong ipangangaral sa inyo kundi si Kristo na ipinako sa krus. Kaya mahina, takot, at nanginginig akong humarap sa inyo. Sa pananalita at pangangaral ko'y hindi ko kayo inakit ng matatamis na pangungusap batay sa karunungan ng tao, kundi sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos. Kaya't hindi sa karunungan ng tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos nababatay ang inyong pananalig kay Kristo." (1 Corinto 2:1-5).

Kung sadyang pinabulaanan ng pinakamarunong sa kanyang henerasyon ang kanyang dunong; kung siyang pinakamahusay sa lohika ay nilimot ang kanyang sariling lohika; kung siyang pinakamahusay mang-akit sa espiritu ay walang tiwala sa kanyang sariling husay sa pagsasalita, bagkus determinadong hinubaran ang Ebanghelyo ng lahat ng pantaong gayak upang makatayo ang pananampalataya sa harapan ng

(sundan sa pahina 4)

Para sa Iyo ang Kapangyarihan ng Diyos

(mula sa pahina 2)

"Itaas ninyo ang inyong mga paningin at masdan ang kalangitan: Sino ang lumikha ng lahat ng ito? Siya na nagpapakilos at isa-isang tumatawag sa kanilang pangalan. Dahil sa Kanyang dakilang kapangyarihan, wala ni isa man sa mga ito ang nawawala." (Isa. 40:26). Tunay na kahanganga-hangang kapangyarihan!

Ang Kapangyarihan ng Panginoon na Magpalaya at Magligtas

Maraming halimbawa sa Bibliya ng kumikilos na kapangyarihan ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay nabibigyan Niya ang mga tao ng pisikal na kalakasan (Hukom 14:6; 1 Hari 18:46), gumawa ng mga tanda at mga himala para sa kanila at sa pamamagitan nila (Awit 77:14; Gawa 6:8; Roma 15:19), bigyan sila ng kapangyarihan para sa ministeryo (Micah 3:8), at marami pang iba.

Ngunit ang pinakadakilang pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan ay may kinalaman sa Kanyang kapangyarihang magpalaya at magligtas. Sa pamamagitan ng Kanyang dakilang kapangyarihan tinubos Niya ang Kanyang bayan at pinalaya sila mula sa pagkaalipin sa Ehipto (Deut. 9:29). At sa kasalukuyan, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan pinalalaya Niya ang Kanyang bayan mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Krus ni Kristo na siyang "*kapangyarihan ng Diyos*" (1 Cor. 1:18) at binibigyan tayo ng panibagong buhay sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Kristo. Ang mensahe ng ebanghelyo ay ang "*kapangyarihan ng Diyos*" (Roma 1:16).

Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay napapamahalaan ng Diyos ang lahat ng bagay (Filipos 3:21). Kumikilos Siya, hanggang sa ngayon; binabago ang mga makasalanan at ginagawang mga lingkod ng ebanghelyo ang mga ito (Efe. 3:7). At sa pagbuhay Niya kay Kristo mula sa mga patay, ibabangon din Niya tayo (1 Cor. 6:14).

Ang Kapangyarihan ng Diyos Para sa Atin

Likas, kung gayon, sa Diyos at sa Kanyang gawa ang pagiging makapangyarihan, at lahat ng potensiyal ng Kanyang kapangyarihan ay nakalaan para sa atin. Hindi kataka-takang nasusulat sa Kasulatan ang mga kahanga-hangang pangungusap patungkol sa lakas ng kapangyarihan ng Diyos sa buhay ng mga tao. Narito ang ilang mga halimbawa: Pinahahayo Niya tayo sa mas matataas na akyatin (Hab. 3:19); pinalalakas at binibigyan Niya tayo ng kakayanan para sa buhay at paglilingkod (Awit 68:35; Gawa 6:8; Efe. 3:16, 6:10; 1 Pedro 4:11); binibigyan Niya tayo ng tulong sa oras ng problema (Awit 46:1); tinutulungan Niya tayo upang lubusang maipahayag ang Kanyang mensahe (2 Tim. 4:17); pinapalaya Niya tayo mula sa ating mga kaaway (2 Tim. 4:17); pinalalakas Niya tayo sa labanan (Heb. 11:34); ginagawa Niya tayong malakas at matapang sa halip na matakot at masiraan ng loob (2 Cro. 32:7); pinalalakas Niya tayo kapag tayo ay napapagod at dinadagdagan ang kapangyarihan kapag nanghihina (Isa. 40:29); iniingatan Niya tayo (Juan 17:11); pinupuno Niya tayo ng pag-asa (Rom. 15:13); binibigyan Niya ng kapangyarihan ang ating pangangaral (1 Cor. 2:4); binibigyan niya tayo ng katatagan at pagtitiyaga (Col. 1:11); binibigyan Niya tayo ng tapang at kakayahang matagalan ang paghihirap (2 Tim. 1:7-8); ipinagsasanggalang Niya tayo (1 Pedro 1:5); ginagawa Niya tayong mga patotoo para sa Kanya, malapit man o sa dulo ng daigdig (Gawa 1:8); inililigtas Niya tayo (Zech. 3:17); at binibigyan Niya tayo ng armas na makawawasak sa kuta ng kaaway (2 Cor. 10:4).

Sa ibang salita, kung ikaw ay mahina, may problema, inaatake, natatakot, nanghihina ang loob, napapagod, nawawalan ng pag-asa, nawawalan ng kapangyarihan sa ministeryo, kulang sa tapang, gusto nang sumuko, naabot na ang limitasyon, nangangailangan ng kaligtasan, nakikipagbakang espirituwal, o may iba ka pang pangangailangan sa buhay, kung gayon ay palakasin ang loob at pag-asa sa pamamagitan ng kaalamang ang kapangyarihan ng Diyos ay para sa iyo, at ang Kanyang kapangyarihan ang magpapabago ng lahat! Dahil ang Panginoon ay isang makapangyarihang Diyos na gumagawa para sa Kanyang bayan, mapapasaiyo din ang katulad na katiyakan gaya ni Apostol Pablo at makapagsasabing, "*Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Kristo.*" (Filipos 4:13). Magkakaroon ka rin ng kaparehong pananalig ni Abraham, na sa kabila ng lahat ay, "*hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos kundi lalo siyang tumibay sa pananalig at nagbigay papuri sa Diyos, lubos siyang nanalig na matutupad ng Diyos ang kanyang pangako.*" (Roma 4:20-21). May magagawa ang Diyos!

Manalig sa Diyos at sa Kanyang Kapangyarihan

Alam na alam ni Haring David ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos. Iniligtas siya ng Diyos mula sa mga leon at oso (1 Sam. 17:37), mula kay Goliath (1 Sam. 17:46), at binigyan siya ng marami pang katagumpayan laban sa kanyang mga kaaway. Naranasan din ni David ang pagpapatawad ng Diyos, ang pagpapagaling, pagtubos, pag-ibig, kaawaan, kalakasan at probisyon (Awit 103:3-5). Masasabi Niya tungkol sa Panginoon, "*Bayaan Mong sa santwaryo, sa lugar na dakong banal, Ikaw roo'y mamasdan ko, sa likas mong karangalan.*" (Awit 63:2). Masasambit niya sa Panginoon, "*Sana'y iyong ipadama ang taglay mong kalakasan, ang lakas na ginamit mo noong kami'y isanggalang.*" (Awit 68:28). At may kagalakan siya, *"Kahanga-hanga ang Diyos sa santwaryo niyang banal, Siya ang Diyos ng Israel na sa tana'y nagbibigay ng kapangyariha't lakas na kanilang kailangan. Ang Diyos ay papurihan."* (Awit 68:35).

Sa isa niyang salmo ng pagpapasalamat ay ipinahayag ni David, *"Dumulog tayo kay Yahweh nang ang tulong niya 'y kamtan, Dapat siyang parangalan at sambahin araw-araw."* (1 Cro. 16:11). Gayundin ang pampalakas ko sa inyo ng loob. Tumingin kayo sa Panginoon at sa Kanyang kalakasan. Hanapin Siya. Magpakumbaba sa Kanyang *"kapangyarihan at dadakilain Niya kayo pagdating ng takdang panahon."* (1 Pedro 5:6-7). Ang biyaya Niya ay sapat, at lalong nahahayag ang Kanyang kapangyarihan kung ikaw ay mahina. (2 Cor. 12:9). Ilatag mo sa Kanya ang mga pangangailangan mo sa buhay at kabanalan at magtiwala sa Kanya at sa Kanyang kapangyarihan. *"Yahweh, nilikha mo ang kalangitan at ang sanlibutan sa pamamagitan ng iyong kapangyarihan. Walang bagay na mahirap para sa iyo."* (Jer 32:17).

"*Sa Diyos na nakagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, ayon sa Kanyang kapangyarihang naghahari sa atin, sumakanya ang kapurihan sa pamamagitan ng iglesya at ni Kristo-Jesus magpakailanman! Amen.*" (Efe. 3:20-21).

...Sangandaan ng Ating Tadhana

(mula sa pahina 3)

kapangyarihan ng Diyos , at ipinako ang sarili sa krus upang ang Tagapagligtas ay makita sa demonstrasyon ng Espiritu at ng kapangyarihan—lalo na tayong mas mahihina ay dapat na maghubad sa ating lumang kasuotan ng laman upang madamitan ng balabal ng kalangitan.

Tanggapin ang Espiritu Santo

Nagpapatuloy ang mga dakilang gawa ng Espiritu Santo. Muli't muli, ang mga lingkod ng buhay na Diyos ay dumarating sa isang Jordan ng paglalapat ng lunas at nagtatanong, "Nasaan ang Panginoong Diyos ni Elias?" Sa pamamagitan ng pagsasantabi ng kanilang mga sariling kakayahan, natanggap nila dahil sa buhay na pananampalataya ang espiritu at kapangyarihan ni Elias.

Itong balabal ng Diyos ang bumalot kay Savoranola na yumanig gaya ng isang kidlat ng banal na paghatol sa makasalanang lungsod ng Florence. Nagliyab tulad ng apoy ang mga sinabi ng mangangaral hanggang ang malalakas na lalaki ay nagpatirapa sa katedral, humihiyaw ng kapatawaran mula sa Diyos.

Itong balabal ng Diyos ang bumalot sa pari ng Wurttemberg na dumampot sa kanya at gumamit gaya ng isang maso sa kamay ng Diyos na dumurog sa mga tanikala ng pamahiin at kadiliman ng milyung mga taga-Europa. Itong Banal na Espiritu ang nagpainit sa puso ni John Wesley na siyang nagpaapoy ng Wesleyan revival. Isang tiyak na paglukob ng kapangyarihan ang bumaba kay Moody na naghanda sa kanya para sa natatanging ministeryo sa Britanya at Amerika.

Buklatin mo ang pahina ng kasaysayan ng Iglesia o ang modernong talaan, hanapin ang sino mang lalaking nakatindig katulad ni Elias sa gitna ng mga propeta, at matutuklasan mo siya na nakasumpong at nakatanggap ng kapangyarihan mula sa kaitaasan.

Nawa ako mismo ay makapangusap ng mga bagay na ito na mayroong balabal na nakabalot sa akin! O, nawa sama-sama tayo sa araw na ito na tanggapin ang makalangit na bautismo, ang paglukob ng kapangyarihan, at mabuksan sa atin ang mga batis ng tubig na buhay! Bakit tayo matatakot sa bagay na ipinangako at ibinigay ng Diyos? Bakit natin patatagalin ang paghanap ng mga bagay na napakahalaga? Anu-ano ba ang kinakailangan sa pagtanggap ng kapangyarihan?

Apat na Kinakailangan Para sa Kapangyarihan

Una, pagtitiyaga bunga ng matinding pangangailangan. Walang anumang makapagpapatalikod sa isang determinadong alagad gaya ni Elias. Sumunod siya sa Gilgal, at narinig na sinabi ng kanyang maestro, "Maiwan ka rito at ako'y pinatutuloy ni Yahweh sa Betel. At sinabi ni Elias sa kanya na habang buhay ang Diyos, at buhay ang iyong kaluluwa, hindi kita iiwan. Kaya't naglakbay sila patungo sa Bethel." Sa Bethel, sa Jerico, sa Jordan, lumitaw pa rin ang parehong pagpupumilit. Walang panlalait o pakikipagtalo ang maaaring makapagpapabago ng kanyang isip.

Lumapit kay Elias ang anak ng mga propeta sa Bethel at sinabi sa kanya, "Alam mo bang ang panginoon mo'y kukunin na ni Yahweh ngayon? At sinabi niyang Oo, alam niya; Huwag na kayong maingay..." (2 Hari 2:2-8).

Ito ang atityud na gusto ng Diyos. "Hindi kita bibitiwan hangga't hindi mo ako pinagpapala!" (Gen. 23:36). Ito ang determinasyon ng taong nagsasabing, gaano man kalayo ang lalakbayin, anumang mga bagay na makapagpapahina ng loob na dapat lampasan, ang puso ko ay nakatuon, ang mukha ko ay nakaharap, ang kalooban ko ay determinado. Hahanapin ko, at aalamin ang kapangyarihang sapat para sa gawain.

Pangalawa, ang panalangin na humihingi ng kamangha-manghang mga bagay. Mayroon dapat isang pusong umaabot sa makalangit na biyaya sa pamamagitan ng pantaong kahinaan at panloob na kabulukan, handang tindigan ang mga pangako sa payak na pananampalataya, at tumatawag araw at gabi sa Panginoon, "Ibigay Mo po sa akin ang Iyong Espiritu!"

Pangatlo, paghahanda na nagtatakwil sa lumang pagkatao at lahat nitong kasuotan. Isa sa kakaibang kaugalian sa Bibliya ay ang pagpupunit ng kasuotan. Kung minsan ito ay ginagawa dahil sa galit o pagkakapahiya, kahihiyan o kalumbayan. Kung minsan, sa palagay ko, ang lumang kasuotan ay pinupunit dahil luma na at wala nang gamit.

Sa pagkakataong ito si Eliseo ay binigyan ng pagkakataong masilip ang kaluwalhatian ng Diyos—mga karuwaheng apoy at mga nag-aapoy na mangangabayo. Isang matagal na pagmasid sa kaluwalhatian, sa karangyaan at kapangyarihan ng kalangitan, at nakita niya ang sarili niyang kasuotan na kasindumi ng mga basahan. Isang sulyap sa walang katapusang kabanalan at kapangyarihan ng Diyos, at walang hanggan siyang nakadama ng kawalan ng kasiyahan at pagiging kuntento sa kanyang sarili at sa mga bagay na mayroon siya. (2 Hari 2:11-12).

Magkagayon man, isang mahabang pagmasid lang sa liwanag ng kaluwalhatian ng Diyos na mababanaag sa mukha ni Jesu-Kristo at nakahanda na tayong punitin na para bang walang silbi ang kaawa-awang kalagayan nating espirituwal, ang mga inaangkin nating pagiging banal o ano pa mang pagtitiwala natin sa laman. Sa liwanag ng banal na presensiya ng Diyos makikita natin ang kasalanan at sarili, at nanaisin nating iwaksi pareho.

Panghuli, ang pag-aangkop ng pananampalataya na nagpapaangat sa atin at nagsasagawa ng mga ipinangakong probisyon ng Espiritu ng Diyos. Habang inaalala natin ang makapangyarihang pagbibigay-kakayahan sa atin sa pamamagitan ng pagbisita ng Espiritu ng Diyos na dumalaw sa mga tao sa nakalipas, habang iniisip natin ang mga pangangailangan ng daigdig na kinakaharap natin ngayon, inilalagay natin ang ating mga sarili at ang lahat na mayroon tayo sa harapan ng Tagapagligtas at nananalanging, "O Panginoon, gawin Mo pong muli!"

Orihinal na karapatang-ari ng Moody Monthly. Ginamit ng may pahintulot.

Si Kristo ay Muling Darating! Tumingin Kayo sa Itaas!

ni A. J. Gordon

Mula nang lumuklok si Kristo sa likod ng tabing ng may pag-asam, at ibinigay naman ang ating lugar ng may pag-asam sa labas ng tabing, lahat ng pangkasalukuyang tungkulin at gawaing espirituwal ay nagkaroon na nang panghinaharap na pagtingin. "*Ang seryoso at banal na Maranatha ay umaalingawngaw sa buong Kasulatan, at nagsisilbing pangunahing bahagi ng lahat ng pangangaral, konsolasyon, at mga babala.*" (Van Oosterzee).

Hinihimok ang banal na pamumuhay

Lalo tayong nagkakaroon ng inspirasyon na mamuhay ng may kabanalan. "Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan ang likong pamumuhay at pagnanasang makalaman. Kayat dapat tayong mamuhay nang may kaayusan, matuwid at maka-Diyos sa kasalukuyang sanlibutan, umaasam sa mapagpalang pag-asa, at sa dakilang pagdating ng isang dakilang Diyos at ating Tagapagligtas na si Jesu-Kristo." *(Tito 2:12-13).*

Hinihikayat ang Pagtitiyaga

Hinihimok ang pagtitiis sa oras ng pag-uusig at oras ng kawalan ng kabutihan. Ganito ang pagkasabi: "Kayat huwag kayong mawawalan ng pananalig sa Diyos, sapagkat taglay nito ang dakilang gantimpala... Sapagkat, kaunting panahon na lamang, hindi magluluwat, at ang paririto ay darating. " *(Heb. 10:35,37).*

Hinihimok ang Pagtitiyaga

Ang pagtitiyaga sa oras ng pagsubok ay hinihimok para sa Kristiyano. Ito ang pamanhik: "Dapat din kayong magtiyaga. Tibayan ninyo ang inyong loob, sapagkat nalalapit na ang pagdating ng Panginoon." *(Santiago 5:8).*

Ang Pagpapakabanal ang Dapat Nating Maging Layon

Ang pagpapakabanal ang ating layunin na dapat matiyaga nating hanapin. Ang ating mga gawain na magdadala sa atin doon ay dapat na umabot sa sukdulan ng ganito: "Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan - ang espiritu, kaluluwa, at katawan - hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Kristo." *(1 Tesa. 5:23).*

Ang Kasipagan ay Ipinapagawa sa mga Pastor

Ang kasipagan sa pangangalaga ng kawan ng Diyos ay ipinamamanhik sa mga pastor. Ito ang gantimpala: *"Ipinamamanhik kong alagaan ninyo ang kawang sa inyo ipinagkatiwala ng Diyos, hindi dahil sa napilitan lamang kundi dahil sa sariling kahandaan..at kapag dumating na ang punong Pastol, makakatanggap ka ng korona ng kaluwalhatian na hindi naluluma."* (1 Pedro 5:2,4)

Pinagkatiwalaan na Maging Matapat

Ang pagiging tapat ba sa Ebanghelyo ay iginagawad sa ministeryo? Ito ang kahihinatnan kung gayon: *"...na pananatilihin ninyo ang kautusan nang walang kapintasan, walang maipipintas, hanggang sa pagdating ng Panginoong Jesu-Kristo. "* (1 Tim. 6:14).

At muli: *"Inuutusan kita sa harapan ng Diyos at ni Kristo Jesus na Siyang hahatol sa mga buhay at mga patay sa kanyang pagparito at paghahari, ipangaral mo ang salita ng Diyos"* (2 Tim. 4:1-2)

Susi sa Bagong Tipan

Hindi magkakasya dito kung babanggitin pang lahat ng mga talata na may katulad na layunin; napakarami nito kaya masasabi natin na ang susi sa pinakapangunahing pamanhik para sa paglilingkod at konsekrasyon ay nakatanim sa Bagong Tipan: *"Hanggang sa wakas, gagawin Niyang walang kapintasan sa kabanalan ang inyong mga puso sa harapan ng Diyos, maging ng ating Ama, sa pagdating ng ating Panginong Jesu-Kristo kasama ng kanyang mga hinirang"* (1 Tesa. 3:13).

Ang ating dapat na gampanang gawain ay hindi kinikalalang motibasyon ng Ebanghelyo, bagkus isang gantimpala—bagay na pwedeng maisakatuparan. Samantalang ang katiyakan ng kamatayan bilang isang inspirasyon sa pagiging tapat ay hindi nabanggit sa Kasulatan kahit minsan, kundi ang pagdating ng Hari ng kaluwalhatian: "*Makinig kayo!" wika ni Jesus. Darating na ako! Dala ko ang mga gantimpalang ibibigay sa bawat isa ayon sa kanyang ginawa. "* (Pahayag 22:12)

Gaano man kababa ang pagtingin patungkol sa disiplina ng Diyos sa Kanyang bayan, mataas naman ang pagpapahalaga dito; at kung dumating man sa kamatayan ang usapin, ito ang sabi ng Kasulatan, *"Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom"* (Heb. 9:27)—tanging sa sumusunod na talata lamang natin lubos na mauunawaan ang sinasabi kung saan nakaangkla ang lahat sa Bagong Tipan: *"Gayundin naman, si Kristo'y minsang inihandog bilang hain upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya'y muling darating, hindi upang ihandog na muli dahil sa kasalanan kundi upang iligtas ang mga naghihintay sa kanya."* (Heb. 9:27-28)

Ganito ang ipinahayag ni Massillon, "*Sa panahon ng sinaunang Kristiyanismo, ipinapalagay na isang pagtalikod sa Diyos ang hindi pagkasabik sa pagbabalik ng Panginoon.*" Kung kaya hindi nga dapat tingnan na mahiwaga ang *"hangarin ang Kanyang pagdating" (2 Tim 4:8)* at bigyang init ang panalanging itinuro Niya sa atin: *"Sinasabi ng nagpapatotoo sa lahat ng ito, `Tiyak na nga! Darating na ako!'"* (Pahayag 22:20).

Sa gitna ng lahat ng panghihina ng loob sanhi ng laganap na kasamaan ng ating panahon; sa gitna ng kawalan ng pananalig at ang lumalamig na pag-ibig sa loob ng Iglesia; at sa gitna ng pagdami ng kasamaan sa labas na nagdudulot ng takot sa puso ng mga tao, at sa pagtanaw sa mangyayari dito sa daigdig–ito ang nakakaengganyong pananalita ng ating Panginon: *"Kapag nagsimula nang mangyari ang mga bagay na ito, magalak kayo sapagkat malapit na ang pagliligtas sa inyo."* (Lucas 21:28).

Hango sa aklat na *Ecce Venit ni* A.J. Gordon.

Ang Sekreto ng Tagumpay sa Buhay at Paglilingkod ng Kristiyano

ni D. G. Moody

"Hindi ba ninyo alam na kayo'y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu?" (I Cor. 3:1b)

Hindi ba't malinaw na itinuturo sa Kasulatan na ang bawat mananampalataya ay pinananahanan ng Espiritu Santo? Maaaring pinapalungkot niya ang Espiritu Santo at hindi niluluwalhati ang Diyos gaya ng nararapat, ngunit kung siya ay isang mananampalataya ng Panginoong Jesu-Kristo, nananahan sa kanya ang Espiritu Santo. Ngunit tinatawag ko ang inyong pansin sa isa pang katotohanan. Naniniwala ako ngayon na bagamat nananahan sa mga Kristiyano ang Espiritu Santo, hindi naman Siya nananahan sa kanila sa kapangyarihan. Sa madaling salita, maraming mga anak ang Diyos na walang kapangyarihan.

Ano ang Kinakailangan

Siyam sa sampung bahagdan ng miyembro ng iglesia ay hindi nag-iisip na magpatotoo para kay Kristo. Kapag may malapit silang kamag-anak na patungo sa kapahamakan, hindi nila iniisip na pagsabihan ito patungkol sa kanilang pagiging makasalanan at akayin sila kay Kristo. Tiyak na may mali dito. Ngunit kapag kausap mo sila makikita mo namang mayroon silang pananampalataya, at hindi mo masasabing hindi sila mga anak ng Diyos. Ngunit wala silang kapangyarihan, wala silang kalayaan, wala silang tunay na pag-ibig na kinakailangan bilang mga tunay na alagad ni Kristo.

Napakaraming mga tao ang nag-iisip na kinakailangan natin ang mga panibagong sukatan, bagong mga iglesia, bagong mga instrumentong pangmusika, bagong koro, at lahat ng mga bagay na bago. Hindi iyan ang kailangan ng Iglesia ngayon. Ang kailangan natin ay ang dati ng kapangyarihan na taglay ng mga apostol. Iyan ang kulang natin, at kung mayroon tayo nito sa ating mga iglesia, magkakaroon ito ng bagong buhay. Kung magkagayon ay magkakaroon tayo ng mga bagong ministro—mga dating ministro na binago ng kapangyarihan, puspos ng Espiritu.

Natatandaan ko noong ako'y nasa Chicago na marami ang nagsisipaglingkod, ngunit para bang ang sasakyan ng kaligtasan ay hindi umaandar. Pagkatapos ay may isang pastor na nagsimulang manangis mula sa kailaliman ng kanyang puso, *"O Diyos, lagyan po Ninyo ng mga bagong ministro ang bawat pulpito!"* Nang sumunod na Lunes narinig ko ang dalawa o tatlong lalaki na tumindig at nagsabi, *"Nagkaroon kami ng bagong ministro noong nakaraang Linggo–ang totoo ay dati pa ring ministro, ngunit mayroon siyang bagong kapangyarihan."* Tunay akong naniniwala na ito ang kailangan natin sa ngayon sa buong Amerika. Nais natin ng mga bagong ministro sa mga pulpito at mga bagong tao sa upuan. Nais nating ang mga tao ay puspusin ng Espiritu ng Diyos, at ang Espiritu ay bumaba at angkinin ang mga anak ng Diyos at bigyan sila ng kapangyarihan....

Posibleng ang isang tao ay nabubuhay lang at nasisiyahan na, at sa tingin ko'y marami ang nasa ganitong kalagayan. Sa ikatlong kapitulo ng Juan, makikita natin na pinuntahan ni Nicodemo si Kristo at tumanggap siya ng buhay. Noong umpisa pa lang, ang buhay na ito ay mahina. Hindi mo siya maririnig na tumitindig upang matapang na magpatotoo para kay Kristo at sa Espiritu na bumaba sa kanya sa kapangyarihan gayong nagkaroon siya ng buhay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.

Sa ikaapat na kapitulo ng Juan, may salaysay tungkol sa isang babae na pumunta sa balon ng Samaria, at inabutan siya ni Kristo ng sisidlan ng kaligtasan. Inabot niya ito at ininom at ito ay naging *"bukal sa looh niya, babalong, at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan."* (t. 14). Mas matindi ito kaysa sa ikatlong kapitulo ng Juan. Dito ay umagos sa kanyang kaluluwa ang bukal na katulad ng isang baha. Umagos iyon mula sa trono ng Diyos, at gaya ng isang malakas na daloy ay ibinalik siya nito sa trono ng Diyos. Ang tubig ay laging umaangat sa kanyang antas o lalim, at kung pupunuin natin ang kaluluwa ng tubig mula sa trono ng Diyos ibabalik nito tayo paakyat sa pinagmulan.

Ngunit kung gusto mong ilarawan ang pinakamainam na buhay Kristiyano, puntahan mo ang ikapitong kapitulo ng Juan at mababasa mong sinasabi na sa sino mang tumatanggap ng Espiritu sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Panginoong Jesus, *"mula sa puso ng nananalig sa akin ay dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay."* (t. 38).

May dalawang paraan ng paghukay ng isang balon. Natatandaan ko noong bata pa ako sa isang bukid sa New England, may isang balon na may lumang poso. Kinakailangan kong bombahin ang tubig mula sa balong ito sa tuwing maglalaba ng damit at magpapainom ng mga baka. Maraming beses na kinailangan kong magbomba nang magbomba hanggang sa mapagod na ang aking mga braso. Ngunit may mas madaling paraan na sila ngayon. Hindi na sila naghuhukay ng ilang talampakan at lalagyan ng poso, kundi nagbabaon na lang ng tubo nang malalim pa hanggang sa matamaan nila ang malalim na batis. Pagkatapos ay nagiging poso ito at hindi na kinakailangang mahirapan dahil ang tubig ay kusa nang umaakyat mula sa kailaliman.

Sa aking palagay, nais ng Diyos na ang mga anak Niya ay maging kagaya ng isang poso na ang tubig ay hindi na binobomba kundi kusang umaakyat at dumadaloy. Hindi ka ba nakakita ng mga ministro na bomba nang bomba sa pulpito? Maraming beses ko itong nasaksihan. at maraming beses ko din itong ginawa. Tumitindig ang mga pastor sa pulpito at magsasalita nang magsasalita at makakatulog ang mga tao at hindi nila ito mapagising. Ano ang problema? Bumubomba sila kung saan walang tubig sa poso. Hindi ka makakakuha ng tubig sa tuyot na balon. Dapat mong lagyan ang balon bago ka makakuha mula dito. Nakakita na ako ng mga kahoy na bomba kung saan kinailangan mo pang buhusan ng tubig bago ka makapagbomba ng tubig palabas.

Ganyan din ang maraming tao. Kailangan mo munang may ilagay sa kanila bago ka may makuha sa kanila. Nagtataka ang mga tao kung bakit wala silang kapangyarihang espirituwal. Tumitindig sila at nagsasalita sa isang gawain ngunit wala namang sinasabi. Sinasabi nilang wala silang masabi, at tama nga pagkatapos ng ilang saglit, malalaman mong wala nga silang masabi. Nagsasalita lang sila dahil sa tungkulin ngunit wala namang mensahe.

Kapag sumasaatin ang Espiritu ng Diyos sa isang pagtitipon, tayo ay napapahiran ng kapangyarihan. Kung gayon ay makakagawa tayo ng mga dakilang bagay. *"Aking ibubuhos ang saganang tubig sa tuyong lupain, sa uhaw na lupa ay maraming batis ang padadaluyin. Aking Espiritu'y ibubuhos ko sa iyong mga supling. At ang mga liping susunod sa iyo ay pagpapalain."* (Isa. 44:3). Napakabanal na kaisipan, *"Mapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos."* (Mateo 5:6).

Umaagos na Batisan

Nais kong makita ang isang tao na puno ng tubig ng buhay, punung-puno na hindi nila ito makayanan, punung-puno na kailangan nilang lumabas at ipahayag ang Ebanghelyo ng biyaya ng Diyos. Kapag ang isang tao ay napuspos nang husto at hindi na niya makayanan, siya ay handa na para maglingkod sa Diyos.

Habang nangangaral sa Chicago ay ganito ang sinabi ni Dr. Gibson, *"Ngayon, paano natin malalaman kung sino ang nauuhaw?"* Sabi niya, *"Iniisip ko lang kung paano natin malalaman. Kung may batang lalaki na magdadala dito ng pitsel ng malinaw na tubig at baso, makikita natin kung sino ang nauuhaw. Makikita natin ang mga lalaki at babae na hihingi ng tubig. Ngunit kapag may naglakad sa gitna at nagdala ng timba ng tubig na walang laman, hindi mo iyon malalaman. Sisilipin iyon ng mga tao at makikitang walang lamang tubig at wala nang sasabihin. Kaya,"* sabi niya, *"sa tingin ko ay iyan ang dahilan na hindi tayo lubos na napapagpala sa ministeryo. Dala-dala natin ay timba na walang laman, at nakikita ng mga tao na wala tayong bitbit, at hindi sila lumalapit."*

Sa tingin ko ay isang malaking katotohanan ang makikita dito. Nakikita ng mga tao na ang bitbit nating timba ay walang laman at hindi sila lalapit sa atin hanggat ito ay hindi napupunan. Nakikita nila na wala tayong kaibhan sa kanila. Kailangan natin ng Espiritu ng Diyos na nananahan sa atin, nang magkagayon ay magkakaroon tayo ng bagay na magbibigay-tagumpay laban sa buong sanlibutan, sa laman, at sa diyablo. Mayroon tayo na nagbibigay ng tagumpay laban sa ating mga tagatukso at kayabangan, at maging sa iba pang kasamaan, at kung mayayapakan natin ang mga kasalanang ito, lalapit ang mga tao at magsasabi, *"Paano mo iyon nakuha? Kailangan ko ng kapangyarihang ito. Mayroon ka na wala ako. Gusto ko rin niyan."*

Nawa ay ipakita sa atin ng Diyos ang katotohanang ito. Nagpupuyat ba tayo buong gabi? Ihagis natin ang lambat sa kanang bahagi. Hingin natin sa Diyos na patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at pahiran tayo ng langis ng kapangyarihan mula sa kaitaasan. Ngunit tandaan natin, Hindi Niya ibibigay ang kapangyarihang ito sa isang taong naiinip o sa isang makasarili, o sa isang ambisyoso na ang hangad lamang ay pansarili. Hindi Niya ito ibibigay hanggat ang taong ito ay nahubaran ng pagiging makasarili, ng pagiging mapagmataas at lahat ng pangmundong kaisipan. Hayaan nating ang kaluwalhatian ng Diyos at hindi ang ating sarili ang hanapin natin, at kapag narating na natin ito, kay bilis na pagpapalain tayo ng Panginoon para sa ating kabutihan. Kung magkagayon ay mapupuno ang sukat ng ating pagpapala.

Alam ba ninyo ang sukatan ng kalangitan? Pikpik, siksik at umaapaw. Kung pupunuin natin ng salita ng Diyos ang ating mga puso, paano makakapasok doon si satanas? Paano makakapasok ang sanlibutan? Ang sukatan ng kalangitan ay tamang sukatan, siksik, liglig at umaapaw. Mayroon ka ba ng ganitong kapuspusan? Kung wala pa, hanapin mo ito. Sabihin mo na sa biyaya ng Diyos ay makakamtan mo ito, sapagkat ito ang kaluguran ng Ama na ibigay sa atin ang lahat ng mga bagay na ito.

Nais Niya tayong magningning sa daigdig na ito. Nais Niyang iangat tayo para sa Kanyang gawain. Nais Niyag magkaroon tayo ng kapangyarihan upang magpatotoo para sa Kanyang Anak. Iniwan Niya tayo sa sanlibutang ito upang magpatotoo para sa Kanya. Para sa ano ba Niya tayo iniwan dito? Hindi upang magnegosyo at tumubo, kundi luwalhatiin si Kristo. Paano mo ito magagawa kung wala ang kapuspusan ng Espiritu? Iyan ang katanungan. Paano mo ito magagawa nang wala ang kapangyarihan ng Diyos?

Sabi ni Kristo, *"Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."* (Gawa 1:8). Sa Araw ng Pentecostes, sampung araw matapos maluwalhati si Jesu-Kristo, bumaba ang Espiritu Santo nang may kapangyarihan. Marahil ay kinukuwestiyon ng ilan ang posibilidad ng pagkakaroon ng kapangyarihan ng Diyos sa ngayon. Iniisip nila na ang Espiritu Santo ay hindi na dumating pagkatapos ng Pentecostes sa kaparehong manipestasyon, at hindi na kailangan pang dumating sa gayong kapangyarihan.

Sariwang Suplay

Basahin ang Gawa 4:31 at makikita ninyo na ang Espiritu Santo ay dumating sa pangalawang pagkakataon sa isang lugar, kung kaya't ang lugar ay nayanig at sila ay napuspos ng Kanyang kapangyarihan. Ang totoo, tayo ay mga sisidlang may butas, at kinakailangan nating palaging nasa tapat ng gripo sa lahat ng oras upang laging mapuno ni Kristo, at magkagayon ay magkaroon ng bagong suplay. Malaking pagkakamali ng marami sa atin ang pagsisikap na gawin ang gawain ng Diyos sa pamamagitan ng biyayang bigay Niya sampung taon na ang nakalilipas. Sinasabi natin na kung kinakailangan gagawa tayo sa pamamagitan ng kaparehong biyaya. Ang kailangan natin ay sariwang suplay, isang bagong pagpapahid ng Espiritu at bagong kapangyarihan. Kung hahanapin natin ito at hahanapin ng ating buong puso, makakamit natin ito.

Tinuruan ang mga naunang mananampalataya na tumingin sa kapangyarihang iyon. Si Felipe ay nagpunta sa Samaria, at dumating ang balitang iyon sa Jerusalem na may dakilang nangyayari sa Samaria at marami ang nangaligtas. Pumunta doon sina Juan at Pedro, at pinatungan ng kamay ang mga nangaligtas, at tinanggap nila ang Espiritu Santo para sa paglilingkod. Ito ang dapat hanapin nating mga mananampalataya--ang

(sundan sa pahina 6)

Ang Sekreto ng Tagumpay...

(mula sa pahina 5)

Espiritu ng Diyos para sa paglilingkod upang lubos tayong magamit ng Diyos sa pagtatayo ng Kanyang Iglesia at pagpapabilis sa Kanyang pagdating. Sa Gawa 19 mababasa natin ang labindalawang lalaki sa Efeso na nang itanong kung natanggap na nila ang Espiritu Santo mula nang sila ay maligtas, ay sumagot na, *"Hindi po, ... ni hindi namin narinig na may Espiritu Santo." (t.2).* Sa ngayon, kung tatanungin mo ang marami, "*Tinanggap mo na ba ang Espiritu Santo mula nang sumampalataya ka*?" ay sasagot sila, "*Hindi ko alam ang ibig mong sabihin.*" Tulad sila ng labindalawang lalaki sa Efeso na hindi naintindihan ang kakaibang relasyon ng Espiritu sa mga anak ng Diyos sa dispensasyon na ito.

Naniniwala akong isinantabi na ng iglesya ang katotohanang ito, iniwan ito kung saan, kayat ang mga Kristiyano ay walang kapangyarihan. Kung minsan ay makakapagdagdag ka ng isandaang bagong miyembro sa iglesia at ni wala silang naidadagdag sa kapangyarihan nito. Ito ay maling-mali. Kung sila ay pinahiran ng Espiritu ng Diyos, magkakaroon ng malaking kapangyarihan kung ang isang daang naligtas ay madagdag sa iglesia.

Luntiang Kabukiran

Noong una akong napunta sa California, bumaba ako mula sa Sierra Nevada Mountains at pumunta sa Valley of Sacramento. Nagulat ako ng makita ang isang bukirin na luntian—lahat ng mga puno *at bulaklak ay namumukadkad; lahat ay* kulay berde at maganda. Ngunit sa kabilang bakod lang, ang lahat ay tuyung-tuyo at walang anumang berde doon. Hindi ko ito maintindihan hanggang sa ipinagtanong ko at nalaman kong ang lalaking nagmamay-ari ng luntiang bukirin ay may patubig. Pinapatubigan niya ang lahat, at pinapanatili niyang berde ang lahat, samantalang ang bukid na katabi niya ay kasintuyot ng balabal ni Gideon na walang patak ng hamog.

Gayundin ang maraming nasa loob ng Iglesia ngayon. Katulad sila ng mga bukirin sa California—isang tuyot na disyerto, lahat ay tuyot at luntoy, at walang buhay doon. Makikinig sila sa isang lalaking puspos ng Espiritu ng Diyos kagaya ng berdeng puno na namumunga ngunit hindi sila maghahanap ng parehong pagpapala. Bakit ganitong kaibahan? Sapagkat binuhusan ng tubig ng Diyos ang taong nauuhaw, iyan ang kaibahan. Ang isa ay naghanap sa pagpapahid ng Espiritu at tinanggap niya ito. Kapag ninais natin ito nang higit pa sa anumang bagay, ibibigay ito ng Diyos sa atin. Ang malaking katanungan sa ating harapan ngayon ay—gusto ba natin ito?

Noong una kong pagpunta sa Ingglatera at nagbigay ng pagbasa ng Bibliya, maraming pastor ang naroon. Wala akong alam tungkol sa teolohiya ng Ingglatera at natatakot akong baka malabag ko ang ilan sa kanilang mga kredo. Medyo napipigilan ako, lalo na sa paksang tungkol sa kaloob ng Espiritu Santo para sa paglilingkod. Isang Kristiyanong ministro doon ang nakatakip ang kamay sa mukha, at inisip kong nahihiya siya sa aking mga sinasabi at dahil doon, ako ay nag-aalala. Sa pagtatapos ng aking mensahe inabot niya ang kanyang sumbrero at umalis, at inisip ko, "*Ayan, hindi ko na siya makikita pang muli.*" Nang sumunod na gawain ay hinanap ko siya at hindi nakita. Nang sumunod na gawain ay hinanap ko siya uli, ngunit wala siya. Inisip kong natisod siya sa aking turo.

Makalipas ang ilang araw sa isang malaking gawaing panalangin sa tanghali, isang lalaki ang tumindig at ang kanyang mukha ay nagliliwanag na para bang nanggaling siya sa bundok ng Diyos. Tiningnan ko siya at tuwang tuwa ako na siya ang kapatid na tinutukoy ko. Sinabi niya na naroon siya noong pabasa ng Bibliya, at narinig niya na maaari palang magkaroon ng panibagong kapangyarihang ipangaral ang Ebanghelyo. Sinabi niya na nagpasya siyang kung ito ay para sa kanya, tatanggapin niya ito. Siya ay umuwi at tumingin sa Panginoon at naganap ang matinding pakikipagtunggali sa sarili noong araw na iyon. Hiningi niya na ipakita sa kanya ng Diyos ang lahat ng hindi niya nalalaman na mga kasalanan ng kanyang puso at mataimtim siyang lumuha sa Diyos na alisan siya ng laman at punuin ng Espiritu. Sabi niya, "*sinagot ng Diyos ang panalangin ko.*"

Makalipas ang anim na buwan ay nagkita kami uli sa Edinburgh at sinabi niya sa akin na nangaral siya ng ebanghelyo gabi gabi mula noong gabing iyon. Sinabi niya na hindi pa man siya nakakapangaral pero ang iba ay naiiwan na para makipag-usap sa kanya, at may mga iskedyul na siyang magturo para sa susunod na apat na buwan sa iba't ibang iglesia. Walang pang tatlumpung araw ay puno na ang kanyang gusali at mga pasilyo. Ang lalagyan niya ay punung puno ng sariwang tubig, at nabalitaan iyon ng mga tao at pumaroon sila at dumagsa mula sa iba't ibang lugar. Ang talagang kailangan natin ay ang kapangyarihan!

May isang mas nakatatandang ministro na nagsabi, "*may sakit ako sa puso. Hindi ko kayang makapangaral nang higit sa isang beses isang linggo*," kayat may kasama siya upang humalili sa kanya sa pangangaral at sa pagbibisita. Narinig niya ang tungkol sa *pagpapahid* na ito, at sabi niya, "*Gusto kong maging puspos para sa aking libing. Gusto kong bago ako lumisan ay magkaroon ng isa pang pribilehiyo na ipangaral ang ebanghelyo nang may kapangyarihan.*" Nanalangin siya na puspusin siya ng Diyos ng Kanyang Espiritu.

Hindi nagtagal at nagkita kami at sabi niya, "*Nangaral ako ng walong beses isang linggo at marami ang naligtas at napakarami akong naakay sa Diyos.*" Sumakanya ang Espiritu. Hindi ako naniniwalang ang lalaking iyon ay napagal dahil sa kasipagan sa paggawa kundi sa paggamit ng isang makinarya na wala ng langis. Hindi ang mabigat na trabaho ang nagpapabagsak sa mga ministro kundi ang hirap ng pagtatrabaho nang walang kapangyarihan.

O, nawa ay pahiran ng langis ng Diyos ang Kanyang bayan! Hindi lang ang ministeryo kundi ang bawat alagad. Huwag ninyong isipin na ang mga pastor lang ang manggagawang nangangailangan nito. Walang ina ng tahanan ang hindi nangangailangan nito upang patakbuhin ang kanyang pamilya, gaya rin ng pangangailangan ng mga ministro sa pulpito o ng mga Sunday school teacher para sa kanilang Sunday school. Kailangan nating lahat ito, at huwag tayong mamahinga kahit isang araw o gabi haggat hindi ito napapasaatin. Kung iyan ang pinakamataas na naisin ng ating puso, ibibigay ito ng Diyos sa atin kung magugutom at mauuhaw tayo para dito, at sasabihin natin, "*Tutulungan ako ng Diyos, hindi ako mapapanatag hanggat hindi ako napupuspos ng kapangyarihan mula sa kaitaasan*!"

Mula sa *Secret Power* ni D.L. Moody.

SA PANGALAN NI KRISTO

ni Andrew Murray

"Anuman ang hilingin ninyo sa aking pangalan ay gagawin ko...kung hihiling kayo kahit ano sa aking pangalan, gagawin ko ito... Inatasan kita...at ano man ang hilingin ninyo sa aking Ama sa pamamagitan ng aking pangalan, ibibigay Niya ito sa inyo... Sa katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ano man ang hihilingin ninyo sa Ama sa Aking Pangalan, ibibigay Niya ito sa inyo. Kung gayon, may hiniling ka na ba sa pamamagitan ng Aking pangalan: humingi ka, at ikaw ay makatatanggap, upang ang iyong kagalakan ay maging kumpleto...Sa araw na iyon, hihingi kayo sa aking pangalan." *(Juan 14:13-14; 15:16; 16:23-24, 26).*

"Sa aking pangalan" - *inulit ng anim na beses. Alam ng Diyos kung gaano kabagal ang ating puso upang maintindihan lahat ng mga ito, kaya gusto Niya na lubusan tayong manalig na ang pangalan Niya ang kapangyarihang luluhuran ng bowat tuhod, at ang bawat panalangin ay diringgin at hindi Siya nanghinawang sabihin ito nang paulit-ulit. Sa gitna ng pahayag na* "anuman ang inyong hingin," *at sa simpleng pahayag na, "Sa pangalan Ko." Ang ating paghingi at ang pagbibigay ng Ama ay parehong dapat sa pangalan ni Kristo. Lahat ng bagay sa panalangin ay nakadepende sa ating pagkilala sa pangalan ni Kristo.*

Alam nating ang pangalan ay isang salita na nagbibigay sa ating isipan ng larawan ng buong katauhan at likas ng isang bagay. Ang pangalan ng Diyos ay sinadya upang ipahayag ang Kanyang buong kalikasan at kaluwalhatian. Ang Pangalan ni Kristo ay nangangahulugan ng Kanyang buong kalikasan, Kanyang Persona at gawain, Kanyang disposisyon at Espiritu. Ang humingi sa pangalan ni Kristo ay ang manalangin kasabay Niya. Noong unang ang isang mananampalataya ay lumalago pa lamang, ang alam lang niya at naiisip ay ang kanyang buong katangian at intersesyon. Hanggang wakas, iyan ang nag-iisang pundasyon ng ating pagtitiwala sa sarili.

Subalit habang ang Kristiyano ay lumalago at pumapasok sa mas malalim at sa totoong pakikiisa kay Kristo—habang nananahan siya sa Kanya— natututunan niya na ang manalangin sa pangalan ni Kristo ay nangangahulugan din ng pananalangin sa Kanyang Banal na Espiritu, at sa pag-angkin ng Kanyang wangis. Habang nakukuha natin ang kahulugan ng mga salitang iyon, "Sa araw na yao'y hihingi kayo sa kanya sa aking pangalan" *– ang araw kung kailan ang Espiritu Santo ay dumating upang mamuhay sa Kanyang mga alagad – hindi na tayo malulula sa kadakilaan ng pangakong:* "anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ibibigay Niya sa inyo. Ang anumang hinihingi sa pangalan ni Kristo, sa pakikipag-isa sa Kanya, mula sa Kanyang likas at Espiritu, ay kinakailangang ibigay." *Ano man ang hiniling sa pangalan ni Kristo, sa pakikipagsalamuha sa Kanya, dahil sa kanyang likas na katangian at Espiritu, ay dapat na ipagkaloob. Habang nabubuhay sa atin ang kalikasan ni Kristo sa panalangin, ang Kanyang kapangyarihan sa panalangin ay nagiging sa atin na rin. Ang pagtatapat at buong-pusong pagsusuko ng lahat ng hinahanap ni Kristo sa atin ang magiging sukatan ng ating espirituwal na kapangyarihan upang manalangin sa Kanyang pangalan.*

"Kung mananatili kayo sa akin..." *ang sabi Niya,* "hihingin ninyo ano man ang inyong gusto" *(John 15:7). Habang namumuhay tayo kasama Niya, may karapatan tayong gamitin ang Kanyang pangalan. Habang ang sanga na nabubuhay para sa ubas ay lubos ang pagtitiwala sa sapo at lakas sa pamumunga, gayun din ang mga mananampalataya, na tumanggap sa Espiritu upang lukuban ang kanyang buong buhay, ay makakaranas din ng kapangyarihan ng pangalan ni Kristo.*

Dito sa lupa, inihayag ni Kristo bilang tao kung ano ang panalangin. Ang manalangin sa pangalan ni Kristo ay nangangahulugan na dapat tayong manalangin gaya ng Kanyang pananalangin noong nandito pa Siya sa lupa; kung paano Niya tayo tinuruang manalangin na kasama Siya, tulad nang ginagawa Niyang pananalangin sa langit. Dapat nating pag-aralan ng may pag-ibig at tanggapin ng may pananampalataya ang Kanyang ginawa bilang ating Halimbawa, ating Guro, ating Tagapamagitan.

Si Cristo ang Ating Halimbawa

Kapag napagtanto natin ang haba ng oras na ginugol ni Kristo sa pananalangin, at ang buong buhay Niya ay konektado sa panalangin, matututuhan natin ang lubos na pagsandig at walang humpay na komunikasyon sa kalangitan kung nais nating mabuhay nang makalangit na buhay at isakatuparan ang makalangit na kapangyarihan sa ating paligid. Mababasa natin ang tungkol sa Kanyang bautismo na, *"Nabautismuhan na noon ang lahat ng tao, gayon din si Jesus. Nang siya 'y nananalangin, nabuksan ang langit... "3:21).* Sa panalangin ang langit ay nabuksan sa Kanya, at ang langit na iyon ay bumaba sa Kanya sa pamamagitan ng Espiritu at tinig ng Ama. Sa kapangyarihang ito Siya ay dinala sa ilang, sa pag-aayuno at pananalangin upang masubukan at magamit nang husto ang kapangyarihang ito. Sa umpisa ng Kanyang ministeryo ay ganito ang sinulat ni Marcos: *"Madaling araw pa'y bumangon na si Jesus at nagtungo sa isang ilang na pook at nanalangin. "* (Marcos 1:35). At si Lucas din ay nagsabi: *"Ngunit lalo pang kumalat ang balita tungkol kay Jesus, kayat dumagsa ang napakaraming tao upang makinig at magpagamot sa kanya. At si Jesus ay laging nagpupunta sa ilang na pook at nananalangin."* (5:15-16).

Alam Niya kung paanong ang pinakabanal na paglilingkod, pangangaral at pagpapagaling ay maaaring umubos sa lakas ng espiritu; kung paanong ang sobrang pakikisalamuha sa mga tao ay makapagpapadilim ng pakikipagniig sa Diyos; kung paanong kinakailangan ang oras upang ang espiritu ay makapahinga at makapag-ugat sa Kanya; kung paanong ang mga diin ng obligasyon sa tao ay hindi dahilan upang kaligtaan ang panalangin. Kung mayroon mang dapat na nasisiyahan na sa palagiang pananalangin, iyon ay ang ating Panginoon. Ngunit hindi; kinailangang mapunan ang Kanyang mga suplay sa pamamagitan ng tuluy-tuloy at mahabaang panahon ng pananalangin. Ang gamitin ang pangalan ni Kristo sa panalangin ay tiyak na nangangailangan nang pagsunod sa Kanyang halimbawa at manalangin gaya ng Kanyang ginawa.

Noong gabi bago Niya pinili ang Kanyang mga apostol ay mababasa natin: "Nang panahong iyon, umahon si Jesus sa isang burol at magdamag doong nanalangin.

(sundan sa pahina 7)

Pinakamakapangyarihang mga Pinuno ng Diyos ang mga Taong Nananalangin

ni E.M. Bounds

Ang panalangin ang pinakamabisang tagapagsulong ng gawain ng Diyos. Tanging mga puso at kamay na nananalangin ang makagagawa ng gawain ng Diyos. Ang panalangin ay nagtatagumpay kapag ang lahat ay talunan na. Ang panalangin ay nakapagpapawagi ng malalaking tagumpay at nakapagliligtas sa mga banal ng Diyos ng may kahanga-hangang katagumpayan, kapag nawawala na ang lahat ng pag-asa. Ang mga taong marunong manalangin ang pinakamatibay na tulong na maibibigay ng Diyos dito sa lupa. Sila ang pinakamayamang kaloob na maibibigay ng lupa sa langit. Ang mga taong marunong gumamit ng sandatang ito ng panalangin ang pinakamahuhusay na sundalo ng Diyos, ang pinakamalalakas Niyang mga pinuno.

Ang mga taong mapanalanginin ang mga piniling pinuno ng Diyos. Ang kaibahan ng mga pinuno na dinadala ng Diyos sa unahan upang manguna at magpala ng Kanyang bayan at ang mga pinuno na utang ang kanilang posisyon sa makasanlibutan, makasarili, di matuwid na pagpili ay ito: Ang mga pinuno ng Diyos ay mga mapanalanging tao. Ang panalangin ang nagpapaiba sa kanila at ang tatak ng kanilang pagiging bukod sa Diyos. Anumang biyaya o kaloob mayroon sila, ang kaloob at biyaya ng pananalangin ang nagpapataas sa kanila. Sa anumang bagay na kanilang pagkakatulad o pagkakaiba, sa kaloob ng panalangin sila ay iisa.

Magiging ano ang mga pinuno ng Diyos kung walang panalangin? Hubaran si Moises ng kanyang kapangyarihan sa panalangin, *isang kaloob na nagpabukod sa kanya sa* paningin ng mga pagano, at ang korona ay maaalis sa kanyang ulo, ang pagkain at apoy ng kanyang pananampalataya ay mawawala. Si Elias kung wala ang kanyang panalangin ay wala rin kahit ang kanyang talaan o lugar sa makadiyos na pamana. Ang buhay niya ay mawawalan ng saysay, walang tapang; ang lakas, ang bisa, at apoy ay mawawala. Kung hindi nanalangin si Elias, ang Jordan ay hindi susunod sa pagkumpas ng kanyang balabal, maging ang kilalanin siya ng matinding anghel ng kamatayan sa pamamagitan ng karuwahe at mga kabayong apoy.

Ang argumentong ginamit ng Diyos upang pawiin ang takot ni Ananias at kumbinsihin siya tungkol sa kundisyon at sinseridad ni Pablo ay ito: *"Pumunta ka sa kalye Matuwid, sa bahay ni Judas at ipagtanong mo ang isang lalaking taga-Tarso na ang pangala'y Saul... Siya 'y nananalangin ngayon..."* (Gawa 9:11). Ito ang buod ng kasaysayan ni Pablo, ang basehan ng kanyang buhay at ministeryo. Sina Pablo, Luther, Wesley, ano ba ang mga piniling tao na ito kung wala ang elemento ng panalangin? Sila ay naging mga pinuno ng Diyos dahil sila ay naging magiting sa panalangin. Hindi sila naging mga pinuno dahil sa kanilang kahusayan, dahil sa kasapatan ng kung ano ang mayroon sila, o dahil sa kanilang matayog na kultura o likas na taglay. Sila ay mga pinuno dahil nauutusan nila ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng panalangin. Ang mga mapanalangining tao ay hindi lang basta mga taong sumasambit ng panalangin o mga taong nananalangin dahil nakaugalian. Ang mapanalangining tao ay mga tao kung saan ang panalangin ay isang malakas na puwersa, isang enerhiya na nagpapakilos sa kalangitan at nagpapabuhos ng hindi matawarang kayamanan ng Diyos sa lupa.

Madalas na Pag-iisa Kasama ng Diyos

Gumugugol ng maraming oras kasama ng Diyos ang mga mapanalangining tao. Nakadadama ng matinding pangangailangan at pagnanais na makapiling ang Diyos ang mga mapanalangining tao. Bagamat napakaabala, lagi silang humihinto sa takdang oras upang makipagniig sa Diyos. Nakaniig na nila nang matagal ang Diyos at nasumpungan na ang sekreto ng matalino at makapangyarihang pangunguna para sa Diyos ay nasa kasalukuyang kapanahunang ito ng natatanging paglapit at biyaya.

Ang mga mapanalangining tao ay mga taong may iisang paningin. Dahil madalas silang napag-iisa kasama ng Diyos, marami silang nakikita tungkol sa kaluwalhatian ng Diyos, natututo nang malaki tungkol sa kalooban Niya, nahuhubog ng mabuti ayon sa wangis Niya kaya naiaayos at napupuno ng Diyos ang kanilang mga paningin. Napakawalang halaga ang lahat ng bagay upang umagaw ng kanilang atensyon at tumawag ng kanilang pansin. Ang dalawang paningin isa para sa sarili at isa para sa Diyos–ay malakas na humahadlang sa panalangin. Ang mga mapanalangining tao ay mga taong may isang aklat; nagpapakabusog sila sa Salita ng Diyos; nabubuhay ito sa kanila sa nagpapasiglang puwersa at nananahan sa kanila na may buong awtoridad at pananampalataya. Sila ay mga tao ng Biblia. Binibigyang inspirasyon sila ng Biblia sa kanilang mga panalangin at pinasisigla sa kanilang pananampalataya. Sumasandig sila sa mga pangako nito gaya ng matibay na bato.

Ang mga mapanalangining tao ang mga tanging produktibong manggagawa ng Diyos. Ang tunay na panalangin ay isang kumikilos na puwersa, isang banal na enerhiya na kinakailangang mailabas, na ubod ng lakas upang manahimik. Nagtatamo ng pinakamainam na resulta ang mga gawa ng mga mapanalangining tao dahil ito ay isinasagawa sa enerhiya ng Diyos. Ang mga mapanalangining tao ay tumatanggap ng direksyon ng Diyos at ginagawa ang Kanyang gawain para sa Kanyang kaluwalhatian, sa ilalim ng puspos at masayang sinag ng Kanyang presenisya, ng Kanyang Salita, at ng Kanyang Espiritu.

Ang mga mapanalangining tao ay naglilingkod upang ingatan ang Iglesia mula sa pagiging materyalismo na umaapekto sa lahat nitong mga plano at nagpapatigas sa kanyang buhay na dugo. May nakamamatay na lason na umiikot at kumukumbinsi sa Iglesia na hindi na nito kailangang sumandig sa espirituwal na mga puwersa na katulad ng ginawa nito noon. Dinala ng mga pagbabagong panahon at pagbabagong kundisyon ang iglesya sa isang kalagayan na mula sa pagiging tuwid at sumasandig sa espiritu tungo sa kalagayan kung saan maaari itong madala paimbulog ng ibang mga puwersa. Ang nakamamatay na bitag na ganito ay nakaaakit sa Iglesia sa mga yakap na pangmundo; inakit ang mga pinuno nito, pinahina ang kanyang mga pundasyon, pinapapangit at pinapahina ito.

Inililigtas ng mga mapanalangining tao ang Iglesia mula sa materyal nitong tendensiya. Ibinubuhos ng mga taong ito sa iglesya ang orihinal na puwersang espirituwal. Itinataas nila ang iglesya mula sa pagiging materyalismo nito at iniilulublob nila ito sa dagat ng espirituwal na kapangyarihan. Ang mga mapanalangining tao ang nagpapanatili sa Diyos sa Iglesia ng may buong puwersa. Pinananatili nila ang Diyos sa paghahari habang pinapatakbo Niya ang Iglesia sa kalakasan at pagtitiwala.

Ang bilang at bisa ng mga manggagawa sa ubasan ng Diyos sa lahat ng lupain ay nakadepende sa mga taong mapanalanginin. Sa pamamagitan ng prosesong isinaayos ng Diyos, ang bilang at tagumpay ng mga tapat na manggagawa ay nakadepende sa kapangyarihan ng panalangin. Binubuksan ng panalangin ang pintuan, naghahanda sa manggagawa upang pumasok, at nagbibigay ng banal ng tapang, katatagan at bunga. Kinakailangan ang mga taong mapanalanginin sa lahat ng larangan ng espirituwal na paggawa.

Walang anumang posisyon, mataas man o mababa, sa Iglesia ng Diyos na mapupunan nang walang panalangin. Walang anumang posisyon sa Kristiyano na hindi nangangailangan ng pananampalataya na laging nananalangin at hindi nanghihinawa. Kinakailangan ang mga taong nananalangin sa lugar ng negosyo maging sa tahanan ng Diyos upang sila ay makapagsaayos at makapamahala sa komersyo, hindi ayon sa pamamaraan ng mundong ito, kundi ayon sa katuruan ng Biblia at ng makalangit na pamumuhay.

Kinakailangan ang mga tao ng panalangin lalo na sa mga posisyon ng impluwensiya, karangalan at kapangyarihan sa iglesia. Ang mga pinuno ay dapat nagagabayan ng kapangyarihan sa panalangin. Ang pusong nananalangin ang nagpapabanal sa gawain, ng kakayahan ng mga kamay at ng pagpapagal at dunong ng isipan. Panalangin ang nagpapaayon ng gawain sa kalooban ng Diyos at ng kaisipan ayon sa Salita ng Diyos. Ang mga banal na responsibilidad ng pamumuno sa Iglesia ng Diyos, sa malakihan at maliitang larangan, ay kinakailangang napapalibutan ng panalangin. Ang mga pinuno ay dapat na itinataas at nililinis ng panalangin upang wala ni ulap o gabi ang makakapagpalabo sa ningning ng tanawin ng Diyos.

Maraming mga pinuno ng iglesia ang nag-aakala na kung sila ay magiging kilala dahil sa kanilang dunong, pagpaplano, edukasyon, o mahusay na mga kaloob, at natatanging ginawa, na ang mga ito ay sapat na pantakip sa kawalan ng mas mataas na kapangyarihang espirituwal na dala ng panalangin. Ngunit ang mga ito ay walang kabuluhan sa seryosong gawain ng pagdadala ng kaluwalhatian sa Diyos, pagpapatakbo ng Iglesia para sa Kanya, at pagsasakatuparan sa banal na misyon.

Ang mga taong mapanalanginin ay mga taong nakagawa na ng matindi para sa Diyos. Sila yaong mga nakapagtamo ng maraming tagumpay para sa Diyos at nag-uwi ng mga kamkam mula sa Kanyang mga kaaway. Sila ang mga nagsipagtayo ng Kanyang kaharian sa mismong kampo ng kaaway. Wala ng iba pang kundisyon para sa tagumpay sa kasalukuyan. Hindi pa sinuspinde ng siglong ito ang pangangailangan o puwersa ng panalangin. Walang pampalit sa pagtatamo ng mabiyayang resulta maliban sa panalangin.

Tanging mga nananalanging mga kamay ang makapagtatayo para sa Diyos. Ang mga tao ng panalangin ang mga magigiting ng Diyos sa lupa, sila ang Kanyang pinunong manggagawa. Maaaring kulang sila sa ibang bagay, ngunit sa pakikipagbuno at pakikibaka ng simpleng pananampalataya sila ay mga magigiting ng Diyos. Maaaring mahuhusay sa ibang bagay ang mga pinuno ng Iglesia ngunit kung wala ang mga dakilang kaloob sila ay tulad nina Samson na nagupitan ng buhok, o gaya ng mga altar ng templo kung saan ang pangkalangitang apoy ay namatay na at walang banal na presensiya.

Hango sa *Prayer and Revival* ni E.M. Bounds. Karapatang-ari ©1993 ng Baker Books, dibisyon ng Baker Book House. Ginamit na may pahintulot.

SA PANGALAN NI KRISTO

(mula sa pahina 6)

Kinaumagahan, tinawag niya ang kanyang mga alagad, at pumili siya ng Labindalawa sa kanila, na tinawag niyang mga apostol." *(Lucas 6:12). Ang unang hakbang tungo sa konstitusyon ng Iglesia, at ng pagbubukod ng mga tao upang Kanyang maging mga saksi at kahalili, ay isang natatangi at mahabaang pananalangin. Lahat ay kinakailangang gawin ayon sa patern sa bundok...* "Sa Kanyang sarili walang magagawa ang Anak.... Ipinakita ng Ama sa Kanya ang lahat ng bagay na kanyang ginagawa..." *(Juan 5:19-20). Ipinakita ito sa Kanya sa gabi ng pananalangin.*

Noong gabing iyon sa pagitan ng pagpapakain sa limang libong tao, noong malaman ni Jesus na gusto nila Siyang kunin nang sapilitan at gawin Siyang Hari, at nang paglakad sa ibabaw ng tubig, *"umahon siya sa burol upang manalangin. Nag-iisa siyang inabot doon ng gabi."* (Mat. 14:23; Marcos 6:46; Juan 6:15). Ang kalooban ng Diyos ang ipinunta Niya upang gawin at ang kapangyarihan ng Diyos ang kailangan Niyang ipakita. Wala sa Kanya ang kapangyarihan, bagkus, kinailangan Niya itong hingin sa panalangin at tanggapin mula sa itaas. Ang simula ng kuwento ng transpigurasyon ay "*...Umakyat Siya sa bundok upang manalangin...*"(Lucas 9:28). Ang pamanhik ng mga alagad, *"Panginoon, turuan Ninyo po kaming manalangin"* (Lucas 11:1), na sinundan nang: "*Nangyari na, habang Siya'y nananalangin sa isang lugar...*" Sa Kanyang personal na buhay, sa Kanyang pakikisama sa Ama, sa lahat ng ginagawa Niya para sa mga tao, ang Kristo na ang pangalan ay dapat nating gamitin ay isang Taong mapanalangin. Panalangin ang nagbibigay sa Kanya ng Kanyang kapangyarihan ng pagpapala, at nagpabago sa Kanyang katawan sa kaluwalhatian ng kalangitan. Ang sarili Niyang buhay-panalangin ang nagpaging-Guro sa Kanya upang turuan ang iba na manalangin din. Gaano kahalaga kung gayon na ang panalangin, tanging ang panalangin, maraming panalangin ang magpapahubog sa atin upang makihati sa Kanyang kaluwalhatian o magiging daluyan ng makalangit na pagpapala at pagtuturo sa iba. Ang manalangin sa pangalan ni Kristo ay ang manalangin gaya ng panalangin Niya.

Ang buhay at gawa ni Kristo, ang Kanyang pagdurusa at kamatayan - lahat ng ito ay panalangin, lahat ay pagsandig sa Diyos, pagtitiwala sa Diyos, pagtanggap mula sa Diyos, pagsuko sa Diyos. Mananampalataya, ang iyong katubusan ay isang pagtubos dulot ng panalangin at pagluhog. Ang iyong Kristo ay mapanalanging Kristo: ang buhay na ipinamuhay Niya para sa iyo, ang buhay na ipinamumuhay Niya sa iyo, ay isang nananalanging buhay na nalulugod na maghintay sa Diyos at makatanggap ng lahat mula sa Kanya. Si Kristo ang ating halimbawa dahil Siya ang ating Ulo, ang ating Tagapagligtas, at ating Buhay. Sa kapangyarihan ng Kanyang pagka-Diyos at ng Kanyang Espiritu mabubuhay Siya sa atin; makapapanalangin tayo sa Kanyang pangalan, dahil nananahan tayo sa Kanya at Siya sa atin.

Hinango mula sa The Ministry of Intercession *ni Andrew Murray.*

Ang ating mga Pamilya at mga Tahanan para sa Diyos

Pagpapalakas ng Pananampalataya sa Ating mga Anak

ni Kim Butts

Mahalaga ang paglalagay ng pundasyon kung saan lalago at uunlad ang ating mga anak bilang mga tapat na tagasunod ni Jesus. Habang patuloy kayong nagtatayo ng pundasyon ng pananampalataya, sa bawat antas o baytang, mahalaga na talagang maunawaan ng mga anak kung gaano kahalaga na magkaroon ng pananampalataya sa bagay na alam nilang totoo at lakas-loob nila itong isasabuhay sa pamamaraang nakakapagpalaganap ng kaharian para sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos. Nandiyan na talaga ang diyablo para kalabanin ang mga pamilya, pag-aasawa at mga anak. Determinado siyang pabagsakin, sirain at wasakin ang mga relasyon at tuksuhin ang mga puso at isipan ng mga anak patungo sa kanya. Ang kapangyarihan ni Jesu-Kristo ang ating depensa: *"Tinanggap natin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ang lahat ng bagay na magtuturo sa atin upang mamuhay nang tapat sa Diyos. Ito'y dahil sa ating pagkakilala kay Jesus, na siya ring tumawag sa atin upang bahaginan ng kanyang karangalan at kapangyarihan. Sa pamamagitan nito, nangako siya ng mga bagay na mahalaga upang makaiwas kayo sa mapanirang simbuyo ng kahalayang umiiral sa mundong ito, at makahati sa kanyang kalikasan bilang Diyos. Dahil dito, sikapin ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihang-asal; sa kabutihang-asal, ang kaalaman; sa kaalaman, ang pagsupil sa sarili; sa pagsupil sa sarili, ang katatagan; sa katatagan, ang kabanalan; sa karangalan, ang pagmamalasakit sa kapatid; at sa pagmamalasakit, ang pag-ibig. Ang mga katangiang iyan ang kailangan ninyong taglayin at pagyamanin, upang ang inyong pagkakilala sa Panginoong Jesu-Kristo ay huwag mawalan ng kabuluhan at kapakinabangan. "* (2 Pedro 1:3-8). Sa loob ng mga talatang ito ay maraming mga katangiang dapat ilatag sa bawat antas o baytang pataas mula sa pundasyon ng pananampalataya.

Ang Pundasyon ng Pananampalataya

Isa sa magandang paraan upang palakasin ang pundasyong ito nang ang iba pang mga katangian ay maidagdag ay ang pagbasa ng Hebreo 11 kasama ang buong pamilya. Sa mahalagang kapitulong ito, matutuklasan ng inyong mga anak ang mga kuwentong makakapagpalakas ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng mga taong gaya nina Abel, Enoch, Noah, Abraham at iba pa. Habang binabasa ninyo ang tungkol sa kanila sa Hebreo, puntahan ang Lumang Tipan at basahing muli ang kanilang mga kuwento sa inyong mga anak upang tulungan sila na lalong maintindihan ang tungkol sa pananampalataya. Ituro ninyo sa kanila na maging sila man ay kabahagi ng nagpapatuloy at nakamamanghang kuwentong ito ng Diyos. Tayong lahat ay bahagi ng kuwento ng Diyos mula sa Genesis hanggang sa Pahayag at inilagay Niya tayo sa loob nito upang ituro sa atin kung paano tayo magiging katulad ng mga taong naunang nabuhay sa atin.

Tulungan ninyo ang inyong mga anak na makita si Jesus sa buong Kasulatan dahil nabubuhay Siya sa loob nito katulad ng pamumuhay Niya sa bawat isa sa atin. Ituro sa mga anak na sapagkat si Jesus ay nabubuhay sa atin, maipapamuhay din natin ang buhay na may dakilang pananampalataya gaya nina Moises at David at iba pa. Kung paanong ang Diyos ay sumasa-Israelita sa disyerto, at sa mga labanan, Siya rin ay sumasaatin sa madidilim at mahihirap na panahon. Kung paanong ipinagdiwang ng mga mananampalataya ang kabutihan, pag-iingat at kaligtasan ng Diyos, ipinagdiriwang din natin lahat ng ginawa Niya, ginagawa pa at patuloy na gagawin!: *"Tayo'y may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga baggy na di natin nakikita. At kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananalig sa kanya. Dahil sa pananalig sa Diyos, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng salita niya, at ang mga bagay na nakikita ay mula sa mga hindi nakikita."* (Heb. 11:1-3). Turuan ang mga bata na "*makita*" ang Diyos sa pamamagitan ng mata ng pananampalataya. Basahin ang Hebreo 13:7-8 nang sama-sama: *"Alalahanin ninyo ang mga nangasiwa sa inyo, na nagpahayag sa inyo ng salita ng Diyos. Isipin nga ninyo kung paano sila namuhay at namatay, at tularan ninyo ang kanilang pananalig sa Diyos. Si Jesu-Kristo noong nakaraan ay siya rin sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman."* Sauluhin bilang isang pamilya ang magagandang talatang ito ng pananampalataya upang manatili sa inyong mga puso sa pang-araw-araw na buhay kay Kristo.

Pagpapatong ng mga Antas o Baytang sa Pundasyon

Lahat ng mga Kristiyanong magulang ay nagnanais na ang kanilang mga anak ay makilahok sa banal na kalikasan ng Diyos sa pamamgitan ni Jesu-Kristo, at *matakasan ang kabulukan ng mundong ito bunga ng masasamang nasain.* Ang ating mapagmahal na Ama ay gumawa ng paraan sa pamamagitan ng mga panuntunang nakalahad sa 2 Pedro, na nakasulat sa itaas. Sa pagtingin natin nang maigi sa bawat antas, planuhing ituro sa inyong pamilya na ang mga tagasunod ni Jesus ay nagtayo ng kanilang buhay sa pundasyon ng pananampalataya:

• ***idagdag ang kabutihang-asal sa inyong pananampalataya:*** May dalawang mahahalagang bagay na dapat malaman ang mga bata tungkol sa kabutihang-asal. Una, dapat mapuno tayo ng kabutihan upang maging bahagi ito ng ating karakter. Dapat ay gustuhin nating maging mabuti dahil ang Diyos ay mabuti; ngunit dahil tayo ay tao, may mga pagkakataon na ito ay mahirap gawin at tayo ay nakagagawa ng pagkakamali. Ngunit kung nakatuon tayo sa bagay na mabuti sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesus, ang Kanyang likas na katangian ay unti-unting mapapasaatin. Dapat mapagtanto ng mga bata na sa tuwing binubuksan nila ang kanilang bibig, may potensyal para sa kabutihan, o sa kasamaan. Ituro sa mga bata na maaari silang mamili sa tuwing sila'y magsasalita o kikilos kung susundin si Jesus o ang diyablo. Ang kabutihan ay dumadaloy mula sa pag-apaw ng ating mga puso...at kung ang ating puso ay mabuti..ang kabutihan ang aapaw mula dito. Kung nag-imbak ang ating puso ng masasamang bagay, ang diyablo ay magkakaroon ng bahagi sa ating mga puso: *"Ang mabuting tao ay nakapagdudulot ng mabuti sapagkat tigib ng kabutihan ang kanyang puso; ang masamang tao ay nakapagdudulot ng masama, sapagkat puno ng kasamaan ang kanyang puso. Sapagkat kung ano ang bukambibig siyang laman ng dibdib. "* (Lucas 6:45). Sama-samang pag-usapan kung paano mapapalitang magaganda ang mga masasamang damdamin at kaisipan upang kahit kailan ka gustong gamitin ng Diyos para sa kaluwalhatian Niya, ikaw ay handa!

Ang ikalawang mahalagang dapat malaman tungkol sa kabutihan ay ang kabutihan mula sa ating mga puso ay likas na dumadaloy patungo sa ibang tao sa pamamagitan ng ating gawa: *"Kayat ibig ko'y buong tiyaga mong ituro ito sa mga nananalig sa Diyos upang ilaan nila ang kanilang sarili sa paggawa ng mabuti. Ang mga ito ay napakabuti at mapapakinabangan ng mga tao."* (Titus 3:8). *"Kayat huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon, tayo'y mag-aani kung hindi tayo magsasawa. Samantalahin natin ang lahat ng pagkakataon sa paggawa ng mabuti sa ating kapwa, lalo na sa mga kapatid sa pananampalataya. "* (Gal. 6:9-1.0). Turuan ang inyong mga anak kung paano sasamantalahin ang bawat pagkakataon upang gumawa ng mabuti para sa iba. Ang kabutihan ay nag-iimbak pa ng mas higit na kabutihan, at nakikita ng ating mga anak kung paanong ang Panginoon ay napaparangalan kung nadadagdagan ang kabutihan sa kanilang pananampalataya. Ang mga tagasunod ni Jesus ay nag-impok ng kabutihan sa kanilang kalooban kayat umapaw ito sa iba.

• ***at sa kabutihan, ang kaalaman:*** Madaling matuto ang mga bata, at kung madadagdagan ng kaalaman ang antas o baytang ng kabutihan, makikita nila na may mga bagay na hindi mabuting malaman o matutunan. Turuan silang gamitin ang tanong na ito, "*Ang kaalaman bang ito ang gusto ni Jesus na matutuman ko*?" Ipakita sa kanila kung paano itatanong ito sa panalangin upang gabayan sila kapag sila ay gumagawa ng mahahalagang desisyon na nangangailangan ng kaalaman. Maingat silang turuan kung paano matutunan ang mga bagay na dapat iwasan, o kung paano malalaman ang masama upang ito'y iwasan o mapaglabanan kung kinakailangan. Ikuwento sa inyong mga anak sina Eba at Adan (Gen. 2-3), na piniling alamin ang bagay na hindi pinahintulot ng Diyos at sinabihan sila mismo na dapat nilang layuan. Haharap ang ating mga anak sa maraming mga tukso sa kanilang buhay. Kung maaga nilang matututunan na ang ilang kaalaman ay masama at dapat iwasan, mapapatatag sila sa buong buhay nila.
Mahalaga ring matutunan ng ating mga anak na ang kanilang kaalaman ay kailangang gamitin para sa Kaharian ng Diyos, at hindi dapat abusuhin para sa pansarili nilang layunin: *"Ang nag-aakalang may nalalaman siya ay hindi pa nakakaalam ng dapat niyang malaman."* (*1* Cor. 8:2). May dalawang pangunahing bagay na dapat hanapin ng mga mananampalataya upang lumago sila sa kanilang kaalaman: Ang Diyos at ang Kanyang kalooban. Matindi ang damdamin ni Apostol Pablo tungkol dito: *"Kayat mula nang marinig namin ito, patuloy naming idinadalangin sa Diyos na nawa'y puspusin Niya kayo ng kaalamang kaloob ng Espiritu upang lubusan ninyong maunawaan ang kanyang kalooban. Sa gayon, makakapamuhay kayo nang karapat-dapat at kalugud-lugod sa Panginoon, sasagana sa mabuting gawa, at lalawak ang inyong pagkakilala sa Diyos. Idinadalangin din naming kayo'y patatagin Niya sa tulong ng kanyang dakilang kapangyarihan upang masaya ninyong mapagtiisan ang lahat ng bagay. At magpasalamat kayo sa Ama, sapagkat minarapat niyang ibilang kayo sa mga hinirang na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan."* (Col. 1:9-12). Mga magulang, ito ang dapat maging pang-araw araw na panalangin para sa inyong mga anak. Isa pang magandang panalangin para sa kaalaman at lalim ng pagkaunawa ay matatagpuan sa Filipos 1:9-11. Ang mga tagasunod ni Jesus ay lumalago sa kanilang kaalaman ng Diyos at Kanyang kalooban.

• ***at sa kaalaman, ang pagpigil sa sarili:*** Maraming anak ang hirap sa pagtitimpi, lalo na ang mga malilit pa. Marami silang natatanggap na mga mensahe na pinapahintulutan silang mag-isip at gumawa ng laban sa katuruan ni Jesus. Kung pinapalaki natin ang ating mga anak upang maging Kanyang tagasunod, napakahalaga na matutunan nila kung paano kontrolin ang kanilang mga sinasabi, ginagawa at iniisip. Kailangan nating turuan sila na maging gising at listo, at handang mamuhay sa liwanag sa halip na sa dilim. *"Kayong lahat ay kabilang sa panig ng kaliwanagan—sa panig ng araw—hindi sa panig ng kadiliman o ng gabi. Kaya nga, kailangang tayo'y manatiling gising, laging handa, at malinaw ang isip—di tulad ng iba... yamang tayo'y sa panig ng araw. Gawin nating baluti ang pananampalataya at pag-ibig, at helmet ang pag-asa sa pagliligtas na gagawin sa atin ng Diyos."* (1 Tesa. 5:5-6, 8a). Mahalagang malaman nila ang biyaya ng Diyos. *"Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan ang likong pamumuhay at damdaming makalaman. Kayat makapamumuhay tayo ngayon nang maayos, matuwid at karapat-dapat sa Diyos."* (Tito 2:12-13). Ang pagtitimpi ay maglalayo sa ating mga anak sa pagwasak ng kaaway. *"Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila."* (*1* Pedro 5:8). Kailangang maging laging handa ang mga bata na sundin si Jesus sa lahat ng pagkakataon. Sinasabi ng Salita ng Diyos na nabubuhay tayo sa mga huling araw. Samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga anak upang manalangin ng: *"Malapit na ang wakas ng lahat ng bagay; kayat maging mapagtimpi kayo at panatilihing malinaw ang pag-iisip upang kayo'y makapanalangin."* (1 Pedro 4:7). Ang kawalan ng pagtitimpi ay hahadlang sa atin sa pananalangin sa isang makapangyarihan at mabisang paraan. Ituro sa inyong mga anak na ang kanilang mga panalangin ay maapektuhan kapag hindi nila sinupil ang kanilang mga iniisip, kanilang mga ginagawa, at kanilang mga pananalita. Ang mga tagasunod ni Kristo ay mga mapagtimpi.

• ***sa pagsupil sa sarili, ang pagpupunyagi.*** Kapag natutunan ng ating mga anak na idagdag sa pananampalataya ang kabutihan, kaalaman at pagtitimpi, magkakaroon sila ng higit na determinasyon na manindigan sa Matibay na Bato, si Jesu-Kristo. Laging darating ang mga pag-uusig at pagtukso upang ilayo sila sa tamang landas at ialis sila sa paligsahan. Kayat upang hindi sila mapaligaw, (tingnan ang Gal. 5:7), kailangang matutunan ng mga bata ang magpunyagi sa gitna ng mga pagsubok at sa mga panahon na sila ay tinutukso na gawin, sabihin, at isipin ang masama. Sinasabi ng Santiago 1:2-3, *"Mga kapatid magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang pagsubok, sapagkat alam ninyo na lalong magiging matatag ang inyong pananampalataya matapos ninyong pagtagumpayan ang mga pagsubok na iyan."* Kung matutunan ng ating mga anak na ang mahihirap na sandali ng ating buhay ay nakapagpapalakas sa atin upang lalo tayong makasunod kay Jesus, matututunan nilang harapin ang mga ito nang may kalakasan sa halip ng pag-aalala at takot. Maraming mga tao ang hindi natututunan na ang mga kahirapan ang ginagamit ng Diyos upang tayo ay lumago bilang mga mananampalataya. Sa gitna ng mga pagsubok natin natututunang magtiwala sa Kanya nang lubusan. Ang mga tagasunod ni Jesus ay may pagpupunyagi.

Idalangin nang may pananampalataya sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na ang inyong pamilya ay maging matatag sa espiritu habang isinasabuhay ang mga katangiang espirituwal na ito. Tandaan, may pangako ang Diyos na nakàpaloob sa ganitong paglago: *Ang mga katangiang iyan ang kailangan ninyong taglayin at pagyamanin, upang ang inyong pagkakilala sa Panginoong Jesu-Kristo ay huwag mawalan ng kabuluhan at kapakinabangan."* (2 Pedro 1:8).

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L

TAGALOG HERALD INT'L
C/O ZENAIDA A. SARMIENTO
46 DAO ST. SAINT ANTHONY SUBV.
TAYTAY, RIZAL 1920
MARAMING SALAMAT PO

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Lhuillier Metrodeals
1000 Manila

SWORN STATEMENT

ADDRESS